# Kapag Maselan ang Larong-bata: Ang Panitikang Pambata bilang Pananggalang sa Abusong Seksuwal sa Bata

***Eugene Y. Evasco***

**ABSTRACT**

*This study examines four Filipino children's books that deal with child sexual abuse. To evaluate the published works, studies by Bruno Bettelheim, Masha Rudman, and Howard Gardner on how stories and narratives for children can reinforce education, empowerment, and protection are used as guides. The four books aim to raise consciousness and provide a suitable strategy to solve the prevailing problem of child sexual abuse. The study shows the books' significant attempts at educating children on how to deal with the problem through concrete solutions. These books delve into the sensitive subject of abuse while also instructing children on how to seek help from the authorities. The books introduce children to the touching rules, the concept of private parts of the body, and how to say no to malicious touching. The study also examines the weaknesses of the books like the superficial discussion of the subject matter, the convenient and quick resolution of the story, homophobia, sexism and stereotyping of sex offenders. In conclusion, this essay analyzes the representation of the experience, the physical aspects of the text, and the distribution of these alternative publications for children.*

Keywords: *child sexual abuse, picture books, bibliotherapy, children's literature, alternative publishing*

> *Don't hold me on your lap, said the little girl, I am very heavy, you will get very tired.*
>
> *The man shook his head, and said nothing, but held her on his lap just the same.*

> *The little girl kept squirming, for somehow she felt uncomfortable to be held thus, her mother and father always treated her like a big girl, she was always told never to act like a baby. She looked around at Vicente, interrupting her careful writing to twist around.*
>
> *His face was all in sweat, and his eyes looked very strange, and he indicated to her that she must turn around, attend to the homework she was writing.*
>
> *But the little girl felt very queer, she didn't know why, all of a sudden she was immensely frightened, and she jumped up away from Vicente's lap.*
>
> -Estrella Alfon sa "Magnificence" (1950)

Sa tagapangunang sikoanaliktikal na pag-aaral ni Bruno Bettelheim na *The Uses of Enchantment: The Meaning and Importance of Fairy Tales*, inihapag niya ang mga teorya kung paano nakakaapekto sa mga bata ang mga *fairy tale* tulad ng *Snow White, Jack and the Beanstalk, Cinderella, The Three Bears,* at *Sleeping Beauty*. Iginiit niyang mahalaga ang mga kuwentong ito sa edukasyon, paggawad-kapangyarihan (*empowerment*), at pangangalaga sa mga bata. Kinilala niya ang mga kuwento bilang mahusay at mainam na tagapagturo sa intelektuwal, emosyonal, at espirituwal na buhay ng mga bata. Aniya, paraan ang mga kuwento para maipalaganap ang di-malay (*unconscious*) na modelo para sa mga batang mambabasa. Pinatunayan pa niya na ang mga sinuring fairy tale at mga kuwentong-bayan (*folk tale*) ay kasangkapang "makatutulong upang maangkupan ng mga bata ang mga sikolohikal na suliranin sa pagtanda at sa pagpapatibay ng kanilang mga personalidad" ["helping them cope with the psychological problems of growing up and integrating their personalities"] (Bettelheim 1989, 14).

May kaugnay na pag-aaral din si Carla M. Pacis (2005), pag-aaral na maglalapat sa konsepto ni Bettelheim sa mga kuwentong halimaw (*monsters*) sa panitikang pambata ng Pilipinas. Anila, ang pagbabasa at pagsasadula ng mga bata tungkol sa mga halimaw at iba pang tauhang *predator* gaya ng bruha at mangkukulam ay magbibigay sa kanila ng estratehiya kung paano lulutasin ang mga suliranin at mga takot (*fears*). Ginawa ring sandigan ni Arthur Asa Berger sa kaniyang aklat na *Manufacturing Desire: Media, Popular Culture,*

*and Everyday Life* ang paniniwala ni Bettelheim sa bisa ng mahika sa mga bata. Aniya, "Kailangang manalig ang mga bata sa mahika sa isang yugto ng kanilang buhay upang matulungan ang sarili sa nakatatakot at kahindik-hindik na daigdig kung saan nakikita nila ang kanilang mga sarili bilang maliit at walang kapangyarihan" ["Children need to believe in magic at certain periods in their lives in order to help cope with frightening and terrifying world in which they find themselves small and relatively powerless figures."] (Berger 1996, 102).

Ilan sa mga karaniwang konsepto ng takot sa kuwentong-bayan ay ang maligaw sa gubat ang bata, makaligtaan o tahasang pabayaan ng magulang, at hayaang ipasagpang sa mga mabangis na hayop (Lurie 1990, 26). Mga pangyayaring simbolikal ito sa kuwento na maiuugnay sa pag-awat sa bata sa kaniyang magulang, pang-araw-araw na pakikibaka, mga panganib na banta sa mga bata, at ang proseso ng pagbibinata at pagdadalaga. Giit nga ni Max Luthi sa aklat niyang *Once Upon a Time: On the Nature of Fairy Tales* (1976), "Itinuturing ng mga tagapakinig at mambabasa ang mga fairy tale bilang simbolikong tula at hindi bilang realistikong akda." ["Fairy tales are experienced by their hearers and readers, not as realistic, but as symbolic poetry."] Susog pa ni Alison Lurie, "Nananatiling buhay ang fairy tale dahil *inilalahad nito ang danas sa malinaw na simbolikong anyo*. Minsa'y kailangang mapalaki, maisadula, at maisapantasya ang katotohanan upang higit itong maunawaan." ["The fairy tale survives because *it presents experience in vivid symbolic form*. Sometimes we need to have truth exaggerated and made more dramatic, even fantastic, in order to comprehend it."] (akin ang diin kay Lurie 2003, 125).

Malaki ang gampanin ng mga simbolo, lantad man o kubli, sa mga kuwento para sa bata. Inilahad ni Bettelheim sa kaniyang aklat ang pagbibigay-kahulugan sa mga tauhan at banghay ng mga katha. Natukoy rin niya na makakaugnay ang mga batang mambabasa sa pagtatampok ng mga bayaning pinakabata, pinamaliit, at pinakabunso sa magkakapatid. Ipinapahiwatig nito na may kakayahan ang isang bata na maisakatuparan ang mga hamon sa mga pakikipagsapalaran (*adventures*), ituring man siyang bata lamang na walang tinig at hindi napagkakatiwalaan.

Iginiit pa ni Bettelheim na hindi dapat kaltasin at linisin (*sanitize*) ang mga nakatatakot na aspekto ng mga fairy tales at kuwentong-bayan tulad ng karahasan at usaping seksuwal. Sa halip, dapat

itinuturing ang mga ito bilang pagbibigay-kapangyarihan sa bata sa kaniyang pagtanda o pagkagulang, sa paniniwalang malulutas at maisasaayos ang anumang hidwaan at tunggalian. Dagdag nga ni Albert Einstein, "Kung nais mong tumalino ang inyong mga anak, basahan sila ng mga fairy tale. Kung nais pang higit na tumalino, basahan pa sila ng maraming fairy tale." [If you want your children to be intelligent, read them fairy tales. If you want them to be more intelligent, read them more fairy tales.] Hinahayaan ng mga kuwento na harapin at suriin ng bata ang kaniyang panloob na sarili (*inner self*). Nasusuri ng batang mambabasa ang kaniyang pang-araw-araw na tunggalian tulad ng pagpapahalaga sa kakayahan, pangamba, inggit sa kapatid, at ang pagtitimbang sa konsepto ng kabutihan at kasamaan. Kung gayon, kinakailangang maipabasa, isalaysay, at isadula ang mga kuwento para maipalaganap sa mas nakararaming bata at makatulong sa proseso ng pagbabahagi at paghihilom mula sa malakas at sikil na damdamin.

Nakasandig sa mga pahayag at dalumat ni Bettelheim ang diwa ng pag-aaral na ito.[1] Sinasasaklaw ng pag-aaral ang mga nalathalang aklat pambata sa Pilipinas tungkol sa abusong seksuwal sa mga bata (*child sexual abuse*) na nakabatay sa realistikong tradisyon ng pagkukuwento. Ibig sabihin, ang mga susuriing katha ay walang hibo ng pantasya tulad ng kuwentong-bayan o fairy tale. Lantad sa mga kuwento ang pinapaksa at hindi nagkakubli sa simbolikal na antas ang mga suliranin ng naratibo.

Gagamitin giya sa pagsusuri ang mga argumento ni Bettelheim buhat sa kaniyang empirikal na pag-aaral. Ito ang mga sumusunod:

- Sandata ang mga kuwento sa edukasyon, paggawad-kapangyarihan, at pangangalaga sa bata.
- Mainam na instrumento sa pagtuturo ang mga kuwento dahil naipapalaganap nito ang mga di-malay na modelo para sa batang mambabasa.
- Makatutulong ang kuwento sa sikolohikal na pag-unlad ng bata.
- Naglalaan ng mga estratehiya ang kuwento tungkol sa paglutas sa mga suliranin at mga takot ng bata.
- Malilinang ng kuwento ang konsepto ng pagkabayani ng bata.
- Makapaggagawad-kapangyarihan ang kuwento sa batang mambabasa dahil sa pagbibigay ng sapat na kaalaman at kamulatan.

## ANG ABUSONG SEKSUWAL SA MGA BATA (CHILD SEXUAL ABUSE)

Pinakakaraniwang anyo ng abusong seksuwal sa mga bata (ASB) ay isinasagawa ng isang taong malapit sa batang biktima (Renvoize 1993, 32.) Tinutukoy nito ang anumang uri o anyo ng seksuwal na exploitasyon sa isang bata o kabataan. Sa depinisyon ng United Nations Convention on the Rights of the Child (CRC) at ng UNICEF, sinasaklaw ng bata ang edad mula pagkasanggol hanggang 18 taon. Isinagawa ang pang-aabusong seksuwal ng isang taong higit na matanda o may-edad sa bata para sa kaniyang sariling stimulasyon at/ o lugod (*gratification*). Masalimuot na usapin ang "seksuwal" dahil ito ang gagamiting batayan sa pagtukoy kung ano ang pang-abusong seksuwal at di-seksuwal. Ayon kay Christiane Sanderson, kung magiging makitid ang depinisyon, tinutukoy ng ASB ang mismong seksuwal na pakikipagtalik (*sexual intercourse*). Kapag magiging malawak naman ang depinisyon, higit nitong masasalamin ang karanasan at kaso ng mga bata tulad ng pagpapakita ng mga pornograpikong materyal at ang paglalahok sa mga ito sa produksiyon ng pornograpiya (2004, 42). Sa pag-aaral na ito, sasaklawin ng ASB hindi lamang ang pisikal na ugnayan tulad ng panghihipo kundi inilalahok din sa mga akto ng *exhibitionism,* paglalahok sa gawaing pornograpiya, hanggang sa pakikipagtalik, o pagbebenta ng katawan (Renvoize 1993, 36).

Sa CRC, sinabing pareho ang ibig ipakahulugan ng "sexual abuse" at "sexual exploitation." Dagdag pa, "Ang mga nangangalaga sa mga bata at mayroong seksuwal na ugnayan sa kanila gaya ng magulang, nakatatandang kapatid, ibang kamag-anak, mga guro, mga *coach*, mga pari, mga doktor, mga katuwang sa bahay-ampunan, atbp. ay guilty sa abusong seksuwal. Tinutukoy ng abusong seksuwal ang mga aktong hindi marahas gaya ng malisyosong halik at panghihipo. Exploitasyong seksuwal naman ang pakikipagtalik sa sinuman kapalit ng salapi o iba pang mga bagay." ["Persons who are responsible for children and who have any kind of sexual contact with them, such as parents, older brothers and sisters, other relatives, teachers, coaches, priests, doctors, the staff of children's homes or organization, etc. are guilty of sexual abuse. Sexual abuse includes acts that do not include violence, such as improper kisses or caresses. 'Sexual exploitation' generally means having sex with someone in exchange for money or other things."] (O'Donnell 1996, 85-86).

Natukoy ni Daniel O'Donnell ang mga posibleng epekto ng seksuwal na pang-aabuso at ng seksuwal na exploitasyon sa mga

bata. Aniya, maaaring magdulot ng *psychological damage* ang ASB na makaaapekto habambuhay sa bata. Maaaring magdulot ito ng mababang pagtingin at kompiyansa sa sarili, hindi makapag-*concentrate,* nahihirapang makipagkaibigan at makipagsaya, nagkakaroon ng masasamang panaginip, atbp. Dagdag pa, may mga kasong nagiging mang-aabuso ang mga biktima sa kanilang pagtanda (O'Donnell 1996, 145).

Samantala, nanganganib at nalalantad naman ang mga batang biktima ng seksuwal na exploitasyon (e.g. prostitusyon at pornograpiya) sa karahasan, ipinagbabawal na gamot, at *sexually transmitted* na impeksiyon at sakit (145).

May tatlong uri ng ASB batay sa *website* ng Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse (CPTCSA). Narito ang kanilang naisagawang kategorya ng naturang pang-aabuso:

- Pisikal—panghihipo ng pribadong bahagi ng katawan, panlalamas, pagpapahipo at pagpapamanipula sa bata ng pribadong bahagi ng ibang tao, panghahalik, pakikipagtalik sa ari o sa puwit, o tangkang pakikipagtalik
- Berbal—bastos na wika, maruming biro, pambubuska o pang-iinsulto
- Biswal—pagpapakita ng ari, paninilip, pamboboso, pagkuha ng mga retratong pornograpiko, pagpapanood at pagpapakirinig sa bata ng mga aktong seksuwal (akin ang salin sa CPTCSA 2004)

Itinala ni Sanderson ang sakop ng mga gawain at pag-uugaling kaugnay sa ASB. Napakalawak nito at inilalahok ang mga pang-aabusong *non-contact* tulad ng pamboboso o paninilip, pagpapakita ng kalaswaan, pagkuha ng mga video at larawang seksuwal at pornograpiko, paggamit ng mga seksuwal na wika at pananalita, paghuhubad sa harap ng bata, pakikipagtalik sa harap ng bata, at ang pagpapasuot ng damit sa bata na makapagpapaligaya sa mang-aabuso (2004, 42-43). Tinutukoy rin ng ASB ang mga pisikal na pakikipag-ugnayan (*contact bahavior*) tulad ng paghalik, paghipo sa suso o ari (*genitals*), *masturbation, oral sex,* pagpapahipo sa bata ng ari ng iba, *sodomy,* pagpapasok ng mga bagay at laruan sa ari ng bata, at ang paggamit ng daliri (*digital and penile penetration*) (43-45).

Sang-ayon kay Renvoize, mauugat ang pang-aabusong seksuwal sa kakulangan ng autoridad at kapangyarihan ng bata sa lipunan kung kaya hindi maiwasang maitulak o mapilit siya sa mga

mga gawaing hindi niya lubusang maunawaan. Kaugnay nito, wala rin kakayahan ang bata na magbigay ng maalam na pahintulot (*informed consent*) sa nasabing mapanganib at maselang sitwasyon (36). Nalalagay rin sa alanganin ang bata dahil maaaring *physically mature* na siya ngunit 'di pa *mature* sa aspekto ng emosyon at pag-iisip. Ipinapalagay tuloy ng mang-aabuso na pinahihintulutan siya ng bata sa hindi nito pagsasalita o pagrereklamo (Sanderson 2004, 45). Hindi rin nakakatutol ang bata dulot ng di-pantay na kapangyarihan, estado at autoridad, at ang antas ng manipulasyon, pagpupuwersa, at pagbabanta. Dagdag pa rito ang pagturing ng mga bata sa mga matatanda o may-edad bilang mga *role model* dulot ng kanilang autoridad at estado sa buhay (45).

Pang-aabuso sa kapangyarihan (*e.g.* edad, kalagayang pang-ekonomiya, ugnayan sa bata) ang sanhi ng ASB. Naisasagawa ito sa loob ng espasyo ng tahanan o pamilya, at maaari rin namang sa labas ng espasyong ito. Halimbawa nito ang mga matatanda na higit na makapangyarihan sa bata at pinagkakatiwalaan ng bata. Sa loob ng pamilya, tinutukoy nito ang mga ama, ina, padrasto, madrasta, kaibigan ng pamilya, tiyo, tiya, kapatid, pangalawang kapatid, lolo, lola, pinsan, atbp. (46). Sa labas naman ng tahanan, matutukoy na halimbawa ang mga matatandang kahalili sa pag-aalaga sa bata (*in loco parentis*) tulad ng yaya, guro, pari, tagapagbantay, at *coach*. Maaari ring mga matatanda itong kilala o di-kilala ng isang bata tulad ng kapitbahay at mga naninirahan at namamasukan sa loob ng pamayanan (46).

## ANG ABUSONG SEKSUWAL SA MGA BATANG FILIPINO

Ayon sa Child Protection in the Philippines, itinuturing sa Pilipinas ang mga bata bilang pambansang *asset*. Sa bilang ng National Statistics Office (NSO) noong 2000, 36.2 milyong Filipino ang may edad 19 pababa. Ito ang humigit kumulang sa bilang ng mga bata sa bansa. At sa mga grupo o sektor sa bansa, ang mga bata ang higit na nahaharap sa mga banta at panganib.

Nakaririmarim ang estadistika ayon sa CPTCSA. Anila, tinatayang isa sa apat na batang Filipino ang biktima ng ASB o kaya'y seksuwal na maaabuso bago pa man tumuntong sa edad na 18 (CPTCSA 2005, 11). Sa ulat ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong unang semestre ng 1999, 2,393 bata ang biktima ng panggagahasa, tangkang panggagahasa, *incest,*

mga akto ng kahalayan, at ng prostitusyon. Sang-ayon naman sa World Emergency Relief (2007), mababa pa sa 10% ang naiuulat na ASB sa Pilipinas. Dahil dito, maaaring konserbatibo pa ang tinatayang bilang ng CPTCSA sa mga kaso ng ASB.

Sa panayam ni Lois J. Engelbrecht, ang tagapagtatag ng CPTCSA sa Pilipinas, Malaysia, at Vietnam, ibinalita niyang "malubhang naabuso ang 30% at halos 48% ng mga batang Filipino ang nakararanas ng *unwanted physical contact*" (Engelbrecht 2003, 1). Sa naturang estadistika, 85-95 % ng mga mambibiktima (*perpetrator*) ng mga kasong ASB ay kilala o pinagkakatiwalaan ng bata (McDaniel 2001, 205). Dagdag pa ng WER, "Ang sariling pamilya ang nagtutulak sa bata na ibenta ang katawan, at kadalasang napupuwersa sa prostitusyon ang mga batang lansangan." ["A child's own family members often sell them into the commercial sex industry, and street children are frequently forced into prostitution."]

Sa estimasyon ng End Child Prostitution, Child Pornography, and Trafficking of Children for Sexual Purposes (ECPAT), 60,000 ang bilang ng mga batang biktima ng seksuwal na exploitasyon sa Pilipinas (sipi kina Miles at Stephenson, 12). Maaari itong ikompara sa bilang sa mga karatig-bansa natin: 200,000-250,000 sa Thailand; 400,000 sa India; 6,000 sa Vietnam; at 10,000-15,000 sa Sri Lanka (12). Sa sarbey na isinagawa ng NSO at ng UNICEF Philippines noong 2001, "60,000 hanggang 100,000 sa mga batang Filipino, karamihan ay babae, ang nasasadlak sa pagbebenta ng sariling katawan" (Delvigny-Jean 2005). Tinukoy ng Intersect noong 1995 na ang Pilipinas ang ikaapat na pinakamaraming batang *prostitute* sa buong daigdig.

Sa dokumentasyon naman ni Daniel O'Donnell, napansin niyang dumodoble ang bilang ng mga kasong idinudulog sa DSWD kaugnay sa seksuwal na abuso at exploitasyon sa mga batang Filipino. Tumaas ang bilang mula sa 720 kaso noong 1993 patungong 1,586 kaso noong 1994 (1996, 146). Dagdag pa niya, 59% ng mga biktima ay may edad 13 hanggang 18, 26 % naman ang edad mula 7-12, at 15% ang mababa sa pitong taong gulang. Panggagahasa ang kinakakaraniwang anyo ng abuso (45%) at sinusundan naman ng kaso ng incesto (*incest*) (25%). Malaking bahagdan ng mga biktima ay mga babae (93%). Ilan sa mga salik na natukoy ng DSWD na nakaambag sa ganitong suliranin ay ang mga sumusunod: problema sa droga at pag-inom ng ama, isang silid na tahanan, at ang pagkawala ng ina sa tahanan dulot ng trabaho o problemang marital (sipi kay O'Donnell 1996, 147).

Sa ulat ni Ma. Cecilia Flores-Oebanda kaugnay sa pag-aaral ng Visayan Forum, malapit (*vulnerable*) sa seksuwal na pang-aabuso ang mahigit isandaang libong batang *domestic worker* sa bansa. Dagdag pa sa ulat, "Napag-alaman sa sarbey ng pamahalaan na 80 % ng mga iniulat na biktima ng panggagahasa, tangkang panggagahasa, at iba pang anyo ng abusong seksuwal ay mga batang manggagawa." [In one district a government survey found that eighty percent of reported victims of rape, attempted rape, and other acts of sexual abuse were child domestic labourers.] (Flores-Oebanda 2005). Sa bahaging ito, masasabing hindi lamang mga batang *domestic worker* ang nasa panganib ng ASB kundi ang mga batang lansangan na rin na walang proteksiyon ng pamilya't kaanak. Nakalantad din ang mga ito sa lahat ng uri ng panganib sa lansangan tulad ng kriminalidad, polusyon, gutom, droga, atbp.

Sa pinakahuling ulat ng American Psychological Association, walong taong gulang ang kadalasang edad ng mga batang naaabuso. Dagdag pa ng pag-aaral, "Lumalabas na halos parehong nasa panganib sa seksuwal na pang-aabuso ang mga bata at kabataan, anuman ang kanilang lahi, kultura, o estadong pangkabuhayan. Ayon sa estadistika, higit na naaabuso ang mga batang babae kaysa batang lalaki. Ngunit maaaring makaapekto sa ganitong bilang ang tendensiya ng mga batang lalaki na hindi isumbong ang kanilang naranasang pang-aabuso." ["Children and adolescents, regardless of their race, culture, or economic status, appear to be at approximately equal risk for sexual victimization. Statistics show that girls are sexually abused more often than boys are. However, boys' and, later, men's, tendency not to report their victimization may affect these statistics."] (sipi kay McDaniel 2001, 205).

## MGA BATAS BILANG PROTEKSIYON NG BATA SA ABUSONG SEKSUWAL

May epekto sa potensiyal ng isang bata ang lipunang kaniyang kinalakhan. Maaaring suriin ang ganitong salik sa pinakabatayang institusyon tulad ng pamilya hanggang sa lumawak ito bilang lipunan, bansa, at daigdig. Maiuugnay sa ganitong talakay ang sukatan sa pagiging makatao ng isang lipunan at nagtataglay ng bisyon ng magandang bukas sa pakikitungo at pagpapahalaga sa mga bata. Bukod sa pagiging tungkuling panlipunan, pambansa, at pandaigdig, nakahanay sa talaan sa ibaba ang mga dahilan kung bakit kailangan ng atensiyon, kalinga, at pangangala ng mga bata:

- May pantay na katayuan ang mga bata sa mga matatanda. Malaking bahagi ng populasyon ng mundo ay mga bata.

  Nagsisimula ang mga bata na nakaasa sa iba, sila ang unang naaapektuhan ng kahirapan, polusyon, digmaan, gutom, at iba pang suliraning panlipunan

- Sa lahat ng aspekto ng patakaran ng gobyerno tulad ng edukasyon at kalusugan, higit na naaapektuhan ang bata kaysa ibang sektor ng lipunan. Ngunit kadalasan, walang konsiderasyong ibinibigay ang mga patakarang ito sa mga bata.

- Hindi kadalasang nabibigyang-pansin ang pananaw ng mga bata. Hindi sila botante at di kalahok sa mga prosesong politikal. Ngunit mayroon din namang mga lugar tulad ng paaralan kung saan maaaring marinig at igalang ang kanilang tinig. (may pagpapakinis at pagwawasto sa direktang sipi kina Quitoriano at Morala 2004, 15)

Sa pagsusuri ng mga kaso ng ASB sa bansa, naglatag ang CPTCSA ng dalawang mahahalang salik (*factor*) na kailangang isaalang-alang. Kahirapan ang unang salik. Sang-ayon sa DSWD, 70% ng mga Filipino ay naghihirap (*below the poverty line*). Nagdudulot ng *stress* ang kahirapang ito na matinding pang-alis (*remover*) ng mga panlipunang *inhibitor* para seksuwal na molestiyahin ang isang bata. Mga aspektong moral at sibil naman ang ikalawang salik, ayon pa sa CPTCSA. Halos Katolikong bansa ang Pilipinas na may mga halagahang panrelihiyon na maglalaan ng makapangyarihang *inhibitor* laban sa ASB. Dagdag pa rito ang mga batas na nagpaparusa sa sinumang lalabag sa pang-aabuso sa bata tulad ng panggagahasa.[2] Gayunpaman, kahit na mayroong makapangyarihang *inhibitor* tulad ng mga batas at kasunduan, nanatiling pangunahing suliraning panlipunan sa bansa ang ASB.

## ANG ABUSONG SEKSUWAL SA MGA BATA SA PANITIKANG FILIPINO

Hindi na bago ang paksain ng ASB sa panitikang Filipino. Kagyat na magugunita ang klasikong kuwentong "Magnificence" ni Estrella Alfon. Taong 1950 nang ito'y malathala at maipapalagay na kauna-unahang akdang Filipino na pumapaksa sa seksuwal na molestasyon. Kahanga-hanga ang pagiging matimpi sa pagkakakuwento ni Alfon para sa napakasensitibong paksa. (Basahin ang *epigraph*.) Hindi natapilok sa pagiging sensasyonal at mapaggulat

ang naturang akda. Dagdag pa ng kritikong si Isagani R. Cruz kay Alfon, "Gamit ang wikang hindi nakaririmarim, naipakita niya ang kabuktutan at lagim ng isang lalaking kinasangkapan ang batang babae sa kaniyang makamundong pagnanasa." [Using language that never descends to the sordid, she is able to depict, nevertheless, the depravity and horror of an adult male using a young female to satisfy his earthly lust.] (2000, 191).

Tinalakay din ni Rosario Cruz-Lucero sa kaniyang kathang "Demonyo" ang iba't ibang uri at antas ng seksuwal na pang-aabuso, gamit ang kapre at demonyo bilang mga simbolo—si Mr. Montilla sa dalagitang kasambahay na si Virginia; si Mr. Montilla sa anak niyang si Nena; ang kapitan sa binatilyo si Jose; at si Jose sa kababatang si Nena. Madudukal sa kuwentong ito ang mga dalumat tungkol sa ASB. Una, kapangyarihan ang edad, kasarian, at estadong pangkabuhayan. Maaari itong maabuso para maisakatuparan ang seksuwal na pagnanasa. Naipamalas ito ni Mr. Montilla sa kasambahay (*domestic worker*) ng kanilang mansiyon. Nakuha ring magahasa ng ama ang kaniyang anak dulot ng agwat sa edad at taglay na kapangyarihan bilang padre de pamilya. Ikalawa, walang pinipiling kasarian ang biktima ng ASB. Sa kuwento, kapwa naging biktima sina Jose at Nena ng mga simbolo ng autoridad tulad ng ama at kapitan. Ikatlo, umiikot ang siklo ng karahasan. Ibig sabihin, ang biktima ay maaaring maging mambibiktima sa paglipas ng panahon. Naipamalas ito ng tauhang si Jose na pagkaraang magahasa ng sundalo, nagpasiyang tuklasin ang pakiramdam ng pagiging makapangyarihan. Ginahasa niya si Nena na anak ng hasyendero. Ikaapat, kamulatan ang tugon para mawasak ang siklo ng karahasang seksuwal. Ito ang naging problema ni Nena. Namulat siya sa pamilya at espasyong hitik sa pantasya. Tumanda siyang nananalig sa pantasya gaya ng santelmo, kapre, at demonyo. Ipinagkait sa kaniya ang realidad. Nagkaedad siyang prinsesa ang turing sa sarili. Nagahasa siya ng sariling ama na hindi namamalayang pang-aabuso iyon. Hindi niya kilala ang konsepto ng gahasa kaya nanahimik siya sa pang-aabuso ni Jose.

Taliwas ang kuwento ni Nena sa kapangyarihan ng pantasya at katutubong paniniwala (*folk imagination*) na inihapag ni Bettelheim. Sa halip na maging mapagpalaya, nabansot ang kritikal na pag-iisip ng batang tauhan at nanatiling mito (basahin: mali at baluktot na paniniwala) ang kaniyang imahinasyon sa pantasya. Imbes na maging makapangyarihan ang mga simbolo at hiwaga sa pagkilala ng buhay,

kinasangkapan ng magulang ang pantasya sa pagmamanipula at paglilihim ng realidad.

Tinalakay naman sa talambuhay na "Rosa", isang bahagi ng kathambuhay na *Comfort Women: Slave of Destiny* ni Maria Rosa Luna Henson (salin sa Filipino ni Ruby Gamboa-Alcantara) ang kasaysayang sinapit ng isang dalagita sa panahon ng digma. Mababakas sa akda ang katotohanan na sa anumang digmaan, ang mahirap, ang babae at ang bata ang higit na nabibiktima. Nagkataong si Rosa ay isang babaeng bata mula sa hirap kaya naging malagim ang dinanas niya noong ikalawang digmaang pandaigdig.

Sa kathang lesbiana na "When You're Six" ni Nice Rodriguez, isang Filipino-Canadian, buhat sa koleksiyong *Throw it to the River,* nailahad ang masakit na pinagdaanan ng isang batang babaeng kakaiba sa karaniwan. Batang lesbiana ("tomboy" sa wikang kolokyal) ang tauhan na nakaranas ng ASB mula sa isang nakatatandang bata. Ipinahipo sa kaniya ang ari nito na inihalintulad sa "mainit na tuta." May bahid ng phallusentrismo at *lesbophobia* ang aktong iyon sa naratibo. Lumitaw ang tiwaling konsepto ng mga Filipino na ang ari ng lalaki ang gamot sa pagka-lesbiana ng babae. Walang duda, maraming balita ng panggagahasa sa mga lesbiana sa bansa sa paniniwalang malulunasan nito ang sakit kapag nakatikim ng heteroseksuwal na pakikipagtalik.

Hindi pambata ang mga tekstong tinalakay gayong bata ang mga pangunahing tauhan sa mga akda. Dalawang paliwanag kung bakit hindi ito maikakategoryang tekstong pambata. Pangunahin na rito ang anyo at wikang ginamit para sa mabigat na paksang ASB. Grapiko ang ilan sa mga eksena ng ASB. Isama na rin ang estilo at ang pamamaraan sa pagsusulat ng mga may-akda ay hindi maituturing na pambata. Hindi naman talaga ito isinulat para basahin ng bata kahit pa bata ang mga tauhan. Ikalawa at mahalagang paliwanag ay ang pagturing ng mga teksto na biktima ang mga batang babae. Napakapasibo ng mga batang namolestiya at nagahasa. Walang naihapag na solusyon sa batang mambabasa para protektahan ang sarili. Sa pagdidiin, hindi ito nilikha para sa bata. Ito ang pinagkaiba ng katha para sa matanda at para sa bata—ideyal na makabata ang akdang pambata at may makukuhang mensahe ang bata sa sarili niyang panitikan, anuman ang layuning pinagmulan ng manunulat.

## MGA AKLAT PAMBATANG PUMAPAKSA SA ABUSONG SEKSUWAL SA MGA BATA

Kung ano ang pagkukulang ng mga tekstong natalakay sa itaas, sisikapin itong tugunan ng mga aklat pambatang tampok sa pagsusuring ito.[3] Apat na aklat ang saklaw ng pag-aaral na hayagang tumatalakay sa ASB. Likha at limbag ito sa Pilipinas para sa mga batang mambabasang Filipino. Itinaguyod ng UNICEF at ng Philippine Children's Television Foundation, Inc. (PCTV) ang isang aklat. Itinanghal din ito noong huling bahagi ng dekada 1990 sa programang pantelebisyong *Batibot*. Samantala, inilathala naman ang tatlong nalalabing aklat ng Center of the Prevention and Treatment of Sexual Abuse, isang *non-profit, non-government* na institusyong nagsusulong ng lipunang ligtas sa mga abuso at exploitasyong seksuwal para sa mga bata. Tatlo sa apat na aklat ay nasa anyo ng *picture book*, ang pinakakaraniwang anyo ng panitikang pambata sa Pilipinas. Ang isa'y maikakategoryang *non-fiction* at *information book* (i.e., manwal o *activity book*) para sa bata na may may lakip ding mga guhit o ilustrasyon.

Malaki ang ambag ng mga NGO, partikular na iyong mga kaugnay sa pagsusulong ng mga karapatang pambata sa lawas ng panitikang pambata sa Pilipinas. Sa panimulang sarbey, apat na serye ng mga aklat ang itinaguyod ng UNICEF para maiimbag ang Batang Katutubo, Batang Historyador, at ang serye ng karapatan ng batang Filipino sa mga palimbagang Tahanan Books for Young Reader, Adarna Books, at ng PCTV. Lumikha ito ng kilusan ng produksiyong pampanitikan na nagtataguyod sa kapakanan ng bata sa kasalukuyang panahon. Isa itong patunay sa pakikiisa at suporta ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatan ng Bata. May kaugnayan ang ganitong kilusan sa redepinisyon, rekognisyon, at pagsupil sa pang-aabuso sa mga bata. Ayon nga kina Eva-Maria Metcalf at Michael J. Meyer:

> Ang kilusan tungo sa pagkilala sa mga bata bilang nilalang na may mga tiyak na karapatan na karapat-dapat sa buhay na makatarungan at maalwan ay walang dudang nakaapekto at nakapag-ambag sa redepinisyon ng abuso sa bata. Hindi nakabibigla na nakabatay sa ganitong diwa ang kasalukuyang panitikang pambata…Makakaasa tayo na ang pagtatanggol sa mga walang kapangyarihan at ang pagtutol sa anumang pang-aabuso na mababakas sa mga aklat pambata ay magbubunga ng mensaheng matatanggap ng mga

> mambabasa na nakibaka o nakikibaka sa mga sitwasyong mapang-abuso at ng mga magulang at ng mga magiging magulang sa hinaharap.
>
> [The movement toward the recognition of children as people with individual rights who are thus entitled to a life of justice and happiness has undoubtedly been both affected by and contributed to the redefinition of child abuse. It is no surpise that much of recent children's literature is based on that very premise of entitlement…We can only hope that the defense of the powerless and the outrage at their abuse in many recent children's books will bear a message that is heard by those readers who struggle or have struggled with abusive situations and by all who are today, or some day will be, parents] (sipi kina Norton at Norton 1995, 459).

Sisikaping pag-aaralan ang elemento ng teksto at ilustrasyon dahil sa kalikasan ng mga anyo ng *picture book* at aklat na isinalarawan (*illustrated book*). Ibig sabihin, nagtatalaban o nagbibigay-bisa ang teksto at ang ilustrasyon sa isa't isa para makalikha ng mensahe sa batang mambabasa. Kung maisasagawa ito, higit na magiging masinsin ang isasagawang imbestigasyon sa mga mensahe, simbolo, at wika ng mga aklat.

Bukod sa gagamiting giya ang mga palagay na nadukal sa pag-aaral ni Bettelheim sa mga klasikong Europeong *fairy tales*, patnubay rin sa ebalwasyon ng mga aklat kaugnay sa ASB ang pamantayang inirekomenda ni Masha K. Rudman ng University of Massachusetts. Ang mga natukoy ni Rudman ang sisikaping sipatin sa susuriing mga aklat. Narito ang kaniyang panukalang pamantayan:

1. Huwag sisihin ang mga batang biktima;
2. Maging balanse, lalo na sa mga aklat na tinutukoy ang kakilala o kamag-anak ng biktima bilang salarin o mang-aabuso (*abuser*);
3. Ipamalas ang katotohanang ang mang-aabuso ay mula sa lahat ng uri, katayuang panlipunan at pangkabuhayan, at kasarian;
4. Maging maingat sa pagtukoy ng ipinagkaiba ng gahasa o anumang abusong seksuwal sa pag-aaruga o mga haplos ng pagmamahal;

5. Iwasan ang madaliang solusyon/ paglutas na hindi kapaki-pakinabang at hindi realistiko. Mahinang uri at nagpapalaganap ng mapanganib na mensaheng ang masayang wakas na hindi dulot ng tiyaga at matalinong interaksiyon. Iwasan ang simplistikong resolusyon;
6. Maglahok ng mga impormasyon na tutulong sa mambabasa na tukuying biktima sila ng pang-aabuso;
7. Gabayan ang mga bata na matukoy ang ipinagkaiba ng mapanganib na sikreto at ng nakapagpapasayang sorpresa;
8. Magmungkahi ng mga alternatibong paraan ng paghingi ng saklolo, lalo na kung magulang, kamag-anak, o kakilala ang salarin (*molester*); at
9. Iwasan ang mga grapikong eksena ng abuso at karahasan. (akin ang salin)

[1. Never blame the victim;
2. Be balanced, with at least some books identifying the abuser as someone known to the victim, rather than a stranger;
3. Reflect the fact that abusers represent all classes, all economic and social backgrounds, and both genders. The norm should not be that they are poor and non-Caucasian;
4. Be careful to differentiate rape and other sexual abuse from loving or sexual behavior. Abusive handling should not be confused with "fondling" or loving and affectionate touching;
5. Avoid easy solutions, which are not helpful or realistic. Happy endings that occur without hard work and knowledgeable interaction make for poor literature and convey harmful messages;
6. Include information to help readers recognize whether they are victims of abuse.
7. Teach children to differentiate between secrets that are potentially threatening to their safety and surprises that will eventually be aired to please someone;
8. Suggest alternative ways of getting help; and
9. Avoid graphic scenes of abuse and violence.] (sipi kay McDaniel 2001, 212)

## ANG MALAGIM NA DILIM AT ANG PAGHIHILOM SA *ANG BATANG AYAW GUMISING*

Kauna-unahang aklat pambata sa Pilipinas na tumalakay sa ASB ang *Ang Batang Ayaw Gumising* (1997) ni Rene O. Villanueva.[4] Ayon pa sa may-akda, ang aklat na ito ay "kinilala ng marami bilang isang mahalagang kuwentong pambata dahil sa pagtalakay ng maselang paksang *incest.* Kinomisyon ng UNICEF-Manila para sa unang serye ng mga aklat para sa *rights of the child.* Inilathala para sa mga *daycare center* sa iba't ibang bahagi ng bansa at ipinamahagi nang libre ng UNICEF" (Villanueva 2006, 91). Dahil sa pagiging kauna-unahan at naitanghal pa sa popular programang pantelebisyon ang kuwento, naging kontrobersiyal ito at umani ng mga batikos mula sa magulang. Ayon sa mga reklamo, hindi raw angkop sa mga bata ang ganitong tema. Diumano, hindi pa raw lubos na maiiintindihan ng bata ang ganitong malagim na problema.

Isa sa maaaring dahilan sa pagtutol sa aklat ay ang eksenang isang kamag-anak, ang tiyo, ang siyang seksuwal na nang-abuso sa batang tauhang si Tina. Kung tutuusin, realistiko namang kamag-anak o kakilala ng bata ang mambibiktima sa kaniya, batay na rin sa mga isinagawang pag-aaral at estadistika. Kahit pa maligalig ang magulang at bata sa ganitong depiksiyon ng salarin, kapuri-puri ang kapangahasan ng awtor. Sa ilustrasyon, matagumpay na naipakita ni John D. Crisostomo ang nag-uumapaw na kapangyarihan ng tiyo dulot ng kaniyang tangkad, lapad, at taba. Naisagawa ito dulot ng kontrast sa laki ng bata at ng tiyo. Mas malaki pa ang binti ng tiyo sa bata. Naipamalas din ang pagmamanipula ng tiyo sa walang respetong paghawak, tila iniaangat ang isang bagay, sa ulo ni Tina.

Kapuri-puri rin ang akdang ito sa hindi pagiging grapiko sa depiksiyon ng ASB. Kung ano ang mga hindi matukoy ng manunulat sa pamamagitan ng mga salita, ilustrador ang nagpinta ng mga emosyon at ng mga akto sa aklat. Gumamit si Crisostomo ng mga aninong tila halimaw o higante. Mainam na pamamaraan ang gumamit ng halimaw bilang talinghaga o simbolo ng mambibiktima. Umaaayon ito sa teknik na ginamit sa mga *fairy tale* at kuwentong-bayan. Kagyat ding maaalala ang kathambuhay ni Maurice Sendak na "Visitors from My Boyhood" tungkol sa pinagmulan ng mga halimaw (ang *wild things*) sa klasiko niyang akdang *Where The Wild Things Are.* Aniya, dulot ito ng mga 'di kanais-nais na hipo at kurot ng kaniyang mga tiyo at tiya noong siya'y bata pa . Hindi seksuwal

ang mga panghihipo pero batid ng batang si Sendak na paglabag iyon sa kaniyang karapatan at 'di paggalang sa kaniyang katawan. Sa isip niya, nagiging halimaw ang kaniyang mga bisitang kamag-anak. Ganito rin ang pagkakabuo ng halimaw sa *Ang Batang Ayaw Gumising*.

Matapat na naiguhit na Crisostomo ang lagim at *trauma* ng biktima. Dominante ang kulay itim sa halos lahat ng *spread* maliban na lamang sa huling dalawang spread; naging halimaw rin ang mga magulang, guro, at kamag-aral ng bidang tauhan. Ipinapahiwatig ng dominanteng itim sa mga pahina ang lagim at ang misteryo. Matingkad na kulay-ube ang kanilang balat sa mukha at nanlilisik ang nakadilat na mga mata. Ipinapahiwatig ng mga naturang guhit ang takot at ang pagkakawala ng tiwala ni Tina sa mga taong pinakamalapit sa kaniya. Ipinahiwatig nito ang lihim niyang paninisi sa kapabayaan ng magulang na laging nagmamadali papuntang opisina at walang panahon sa sariling anak. Naipakita ito sa pangalawang spread ng aklat na halos lumipad na sa pagmamadali na ina at ama niya para habulin ang may pakpak na orasan.

Sa prosa ni Villanueva, matalinghaga niyang ipinamalas ang epekto ng ASB sa bata. Pumikit si Tina, ayaw dumilat kahit pa tuloy pa rin ang kaniyang buhay. Nais niyang takasan ang realidad sa hindi pagmalas sa kaniyang paligid. Pakiramdam ng bata, sang-ayon sa pahiwatig ng mga ilustrasyon, na nasa bawat sulok ang banta at panganib ng halimaw. May naghihintay na panganib sa mga pamilyar na espasyo tulad ng kaniyang silid, tahanan, at paaralan. Naisakongkreto ito ng ilustrador sa pagguhit ng nakatalikod at tumiwalag na bata. Tila ba lumikha siya ng sariling mundo. Naging tau-tauhan siya—"Sumasagot siya kapag tinatanong. Sumusunod sa sinasabi ng tatay at nanay niya."

Sa ganitong talakay, maaaring lumikha ng kalituhan sa mambabasa kung ano ba talaga ang emosyonal na pinagdadaanan ni Tina. Sa buong kuwento, nakapikit lamang siya bilang anyo ng pagtakas sa karahasan ng daigdig. Sinasagisag din ng hindi pagdilat ang takot na makita nang husto ang dahas ng paligid. Ngunit ayon sa pamagat, ayaw gumising ni Tina. Sa literal na kahulugan, tulog ang bida at ayaw niyang bumangon. Sinadya niyang humimlay. Kung iaangat ito sa literal na antas, iisiping hindi pa siya mulat at hindi makabangon sa kaniyang suliranin. Pero magkaiba ang ibig ipahiwatig ng *pikit* at *tulog*. Maaaring nakapikit ang isang tao pero gumagana ang iba pa niyang pandama at may kakayahan pang kumilos. Ito ang naipakita sa aklat—kumikilos nang walang kabuhay-buhay at

wala sa sarili si Tina. Imposible naman siyang tulog dahil nakakausap at nakakaugnay siya, bagamat may malaking pagbabago, sa ibang tauhan. Dagdag pa, hindi niya makukuhang makaramdam ng banta at panganib sa mga domestiko at pamilyar na espasyo kung siya'y nahihimbing.

Kung ikukumpara ang aklat na ito sa ibang nalalabing aklat sa talakay, masasabing abstrakto ang abusong natanggap ng bata. Sinabi lamang na "Hinahawakan siya ng tiyo niya sa maseselang bahagi ng katawan." Kapansin-pansing hindi naipaliwanag ang konsepto ng *maselan*. Sa lipunang Filipino, maselang pag-usapan ang mga maseselang bahagi ng katawan, lalo pa't may pang-aabusong maiuugnay rito. Kung nahihirapang tukuyin ng mga Filipino ang mga termino sa mga seksuwal na bahagi paris ng titi, bayag, puke, suso, ano pa kaya ang pag-usapan nang komportable ang sex kasama ng kanilang mga anak o ng mga bata? Sa aklat, hindi lantarang binanggit ang mga akto ng ASB. Putol-putol at paunti-unti ang pamamaraan gaya ng isang taong hirap sa pagsasalaysay ng malagim na nakalipas. Gamit ang estilong patanong-tanong para makakalap ng impormasyon, naikuwento ni Tina ang mga bagay na ayaw at kinatatakutan niya—dilim, silid ng tiyo, pag-iisa, at ang tiyo niya. Karima-rimarim ang pagsasahalimaw ng tiyo sa aklat, imbes na anino lamang. Nanlilisik ang mga mata nitong nakatutok sa hubad na katawan (*upper body* lamang ang ipinakita). Tila galamay ang mahabang braso, sakmal ng dalawang kamay nito ang bata na tila alagang hayop sa liit. Masasasabing ang ilustrasyon ang tumulong sa aklat para bigkasin ang abusong seksuwal kay Tina. Bukod pa riyan, nakatulong ang pahiwatig ng mga ilustrasyon para maingat na maipaliwanag ang pagkakaiba ng mga malisyosong hipo at ng mga haplos ng kalinga.

Isa pang kapuri-puri sa akda ang mensaheng ito na sa pamamagitan ng paglalantad at pagsusumbong, napapaslang ang halimaw at mga nilikhang halimaw. Muli, mas tagumpay ito ng ilustrador kaysa ng manunulat. Sa paunti-unting pagsasalaysay ng batang biktima, naglalaho rin ang dominanteng kulay na itim sa mga huling spread. Pumupusyaw ito hanggang maging kulay-abo, nagpapahiwatig na malapit nang matapos ang unos. Mas gumagaan ang kulay ng pahina dulot ng pangingibabaw ng puti at unti-unting nagkakakulay. Napuksa rin ang mga kulay-ubeng mga halimaw sa sulok dulot ng pagtatapat ni Tina sa kaniyang magulang. Sa halip, napalitan ito ang mga maririkit na bagay at mga bagay na magbibigay-lugod sa isang bata—*teddy bear*, *jump rope*, *xylophone*, at manyika. Unti-

unting nanunumbalik ang kapanatagan sa bata dahil sa katotohanang may nakikinig at handang tumulong sa kaniya. Sa dakong huli, nadakip din ang halimaw at naparusahan. Dagdag pa, mainam sa aklat na hindi sinisi ang batang biktima at hindi siya dumaan sa malupit na pagtatanong. Paunti-paunti ang pagsisiyasat tulad ng isang larong pambata.

Pinakamahalagang bahagi sa kuwento ang muling pagdilat ni Tina. Muli niyang nakita ang paboritong bulaklak ng gumamela. Sa mga pahinang ito, nanumbalik na ang mga kulay sa pahina. Nagmistula itong hardin, halos mamulaklak ang pahina sa mga kulay. Sa pagkukuwento ng batang biktima at pakikipagtulungan ng magulang at ibang institusyon, nagsimulang maghilom ang batang biktima. Akma ang hardin para ipahiwatig ang paghihilom. Maaalala ang mga klasikong nobelang *The Secret Garden* ni Frances Hodgson Burnett at *Tom's Midnight Garden* ni Philippa Pearce na nagpahilom sa mga damdamin ng bata. Ganito ang layon ng mga manunulat na pumapaksa sa kalikasan bilang paghihilom sa sarili at pagpapausbong ng espiritwalidad:

> Para sa mga bata, sagrado ang kalikasan at nag-uumapaw sa kapangyarihan na manghikayat at manggamot. Para sa ilan ang kalikasan ay matatagpuan sa mapaghimalang kagubatan, para sa iba nama'y isang hardin ang mahiwagang lunan. Sa kanilang mga aklat, ang pagbisita sa hardin ay katumbas ng pagsamba, at ang paghahardin ay isang uri ng kabanalan.
>
> [For them nature is divine, and full of power to inspire and heal. But while for some nature must be sought in the enchanted forest, for others the magical location is a garden. In their books, to go into a garden is often the equivalent of attending a Sunday service, and gardening itself may become a kind of religious act] (Lurie 2003, 183).

May kahinaan ang aklat na ito nina Villanueva at Crisostomo. Napabilis ang wakas ng akda. Hindi natalakay rito ang tensiyon sa loob ng pamilya. Kadalasan, kaya hindi naipagpapatuloy ang mga kaso ng ASB ay dahil sa awa at kahihiyan ng kamag-anak na mambibiktima. Hindi naipakita sa aklat ang pagkakabigla, ang tunggalian, at ang malagim na sorpresa.

Hindi rin nakapaglatag ng mga rekomendasyon ang aklat. Nanatiling katha (*fiction*) ang aklat na walang impormasyong

maibabahagi. Kaduda-duda ito sa isang produksiyon na kinomisyon ng UNICEF. Walang mga payo sa batang mambabasa para sila'y matuto sa karanasan ni Tina. Hindi ito nakapaggawad-kapangyarihan kasi walang mga kasangkapang inialay ang aklat sa mambabasa—kamulatan sa panganib at mga pamamaraan sa pangangalaga ng sarili. Dagdag pa, walang lakas si Tina. Pasibo siya sa mga nangyari sa kaniya. Hindi sila mainam na modelo sa mga mambabasa. Biktima siya at hindi natulungan ang sarili. Wala siyang tinig at paninindigan para magsabi ng "hindi," "huwag," at "ayoko." Mahinang-mahina ang bata dahil wala siyang pagkilala sa sariling damdamin. Pumikit o natulog lamang siya. Hindi niya naproseso ang sariling danas para matulungan ang sarili.

Sa huling suri, nananatiling kontrobersiyal at mapanggulat lamang ang *Ang Batang Ayaw Gumising*. Mapangahas ang pagkakapili sa paksa pero wala itong kongkretong tulong sa mga bata. Sa ngayon, aanhin ang kapangahasan kung wala itong isinusulong para sa kaligtasan ng bata? Wala itong impormasyong mapagmiminahan ng batang sabik sa mga sagot. Wala itong gabay sa magulang kung paano ilalapit ang akda sa kanilang mga batang anak. Ngayon, higit na maiintindihan kung bakit marami ang nagreklamo nang ipalabas ang akda sa salaysayan sa telebisyon, sa harap ng maraming batang tagasubaybay ng *Batibot*.

## ANG PRIBADONG KATAWAN AT ANG MGA PATAKARAN SA PAGHAWAK

Dalawang aklat ang pumaksa sa usapin ng paghawak (*touching rules*). Sa unang sipat, aakalaing salin ng bawat isa ang dalawang librong ito ng CPTCSA. Tungkol ito sa dalawang bata, isang lalaki at isang babae na napag-alaman ang ipinagkaiba ng hipo at haplos. Sa tulong ng impormasyon, naipagtanggol nila ang karapatan sa sariling katawan sa daloy ng kuwento. Kapuri-puri ang paglahok ng batang lalaki sa kuwento bilang biktima. Walang pinipiling kasarian ang biktima o mabibiktima ng ASB. Pagkontra rin ito sa nosyon ng mga Filipino na "walang mawawala" sa isang lalaki sa usapin ng sex.

May kasamang gabay sa kuwento ang *Erika and Jay Learn the Touching Rules* (2005) ni Ma. Agnes Cayaban. Sa simula ng kuwento, ginamit na simbolo ng payong bilang instrumentong mangangalaga

sa sarili. Sa pagkakagamit ng ganitong karaniwang bagay, higit na mauunawaan ng bata ang konsepto ng proteksiyon. Ginamit din ng awtor ang enumerasyon sa mga eksena para ilahad ang iba't ibang uri ng mga paghipo. Malinaw at maingat itong nailarawan sa aklat. Sa pamamagitan nito, natutulungan ang bata kung paano matuklasan ang malisya sa mga paghipo. Pagkaraan ng pagpapaliwanag, inilarawan naman ang mga mapang-abusong hipo (e.g.., pangingiliti, lihim na laro, at malisyosong panghihipo) at pinayuhan ang mga batang mambabasa kung ano ang mga dapat gawin sa ganitong sitwasyon. Sa paggamit ng repetisyon, gaya ng diyalogong "HINDI! Hindi puwede! Ayoko! ITIGIL mo ang panghihipo na hindi ko gusto!" [NO! It's not allowed! I don't want to! STOP this touching that I do not like!"] (Cayaban 2005, 14), nagagawaran ang mambabasa ng mga salitang magliligtas sa kanila sa anumang abuso. Mangyari pa, paggawad din ito ng kapangyarihan sa bata.

Tampok pang tinalakay sa akda ang konsepto ng pribadong bahagi ng katawan. Napakahalaga nito dahil sa Pilipinas, laging iniisip na wala pa namang malisya sa paghuhubad ng mga bata dahil hindi pa sila mga seksuwal na nilalang. Maling-mali ito. Hinamon ang ganitong paniniwala sa naturang aklat. Angkin ng bata ang kaniyang katawan kaya walang sinuman, kahit pa magulang, ang maaaring umangkin at manipulahin ito.

Ipinayo rin ng kuwento na may sariling tinig at pasiya ang bata. May tanong ang aklat na uusig sa pagtrato ng mga Filipino sa bata. "Susunod ka ba, dahil ikaw ay isang bata?" [Will you obey, because you're a child?] sabi ng tagapagsalaysay sa akda. Sa ganitong tanong, sinagka ng aklat ang kolonyal na pagturing sa bata bilang sunud-sunuran sa matatanda, walang sariling isip, walang kakayahang magpasya, at walang sariling pribadong katawan at espasyo. Itinatanghal ng kuwento ang tinig ng bata, lalo pa sa mga sitwasyong delikado sa kaniya. Katulad din ng mensahe ni Villanueva, ipinapayo ng kuwento na magsalita at paulit-ulit na magkuwento hanggang sa tumigil na ang mahalay na gawain gaya ng panghihipo. "Keep on telling until the person is stopped. Tell it without let-up," payo sa batang mambabasa na malinaw na may impluwensiya ni Dr. Seuss (Theodor Seuss Geisel) sa musikalidad ng prosa.[5] Pansinin pa natin ang ilang *juego de palabras* o paglalaro ng salita (e.g., tugma at pag-uulit) na magbibigay-lugod sa tainga ng mambabasa:

> Let me say a matter of fact: What I am, I am, I am special.

> Because you believed and did as you do, I know just how special I am.
>
> Special is more than amusing. Now I know just how special I am. What I say is worth listening.
>
> What I like and hate, I can communicate. It's true—what I am, I am, I am is special.
>
> If you feel the way I do, then you can say it too—because that is how I am! (34-35)

Sa pagtatasa ng naturang aklat, bagong rendisyon ang aklat na ito sa tambalan sa panitikang pambata tulad ng Pepe and Pilar, Nene at Benito, Jack and Jill dahil sa pagtugon nito sa pangangailangan ng lipunan gaya ng paglalaan ng ligtas na kapaligiran at tahanan sa mga bata. Natalakay rin sa akda ang pagtukoy sa mga bahagi ng katawan para hindi maging ignorante ang bata at maging kumportable siya sa pagpapahayag ng kaniyang sarili at danas. Iginigiit din ng aklat ang karapatan ng batang tumutol sa bagay na hindi niya gusto.

Gayong isa itong kuwento, naging interaktibo ang kalikasan ng aklat. May mga aplikasyon ito sa buhay ng bata. Nagmumungkahi ito ng diskusyon sa pagitan ng magulang at ng bata. Humihiling ito ng partisipasyon sa mga bata, imbes na magtakda lamang at maging didaktiko. Mangyari pa, may pakikilahok na hinihiling sa bata para makalikha ng mga kahulugan.

Ilang puna lamang ang mapapansin sa akda. Bakit laging panghihipo ang itinatampok sa aklat? Ito na ba ang pinakaligtas at pinakamagaang paraan para talakayin ang ASB? Maaalalang ang ASB ay may dalawang uri tulad ng *contact* at *non-contact*. Bakit hindi ito natalakay nang husto sa mga aklat?

Maipipintas din sa akda ang pagtutok sa mga karanasan at depiksiyong panggitnang-uri. May implikasyon ito sa mga mambabasa buhat sa mahihirap na pamilya. Kung gaganap ang ASB sa mga batang may mainam na buhay, tahanan, at mga magulang na may trabaho, paano pa kaya silang nakatira sa tahanang iisa lamang ang silid? Paano maililigtas ang mga batang nakatira sa komunidad na walang konsepto ng pribadong espasyo tulad ng paliguan, palikuran, bihisan, at tulugan. Paano ang mga batang walang angkop na mga damit sa pang-araw-araw?

Dagdag pa, hindi rin tinalakay sa mga patakaran ng paghawak (*touching rules*) ang mga insidente ng pang-aabuso na pumayag o walang tutol ang bata. Posible ito. May mga nagaganap na pang-aabuso dahil hindi pa mulat ang isang bata sa konsepto ng molestiya. Paano kung hindi nakaramdam ng kalituhan ang isang bata dahil siya'y may karamdaman sa pag-iisip? Karamihan pa sa mga pang-aabuso ay nararanasan ng mga may kapansanan paris ng pipi, bulag, o kaya'y *mentally-challenged*. Gayundin, hindi nilinaw sa bata ang konsepto ng illegal na akto kahit na pumayag ang bata sa mga panghihipo at gawaing seksuwal. Dapat ay tukuyin at ipaliwanag nang masinsin. O kaya'y diretsahan—"Huwag kang magpapahipo sa pribadong ari mo kahit sa matanda o sa nakatatandang bata, dahil bata ka pa. Bawal iyon sa batas."

Huling hamon sa aklat na ito ay kaugnay sa pangatlong patakaran sa paghawak. Ayon sa kuwento, magsumbong sa magulang o nakatatanda. Pero ayon sa mga pag-aaral, magulang, kaanak, at matatanda ang karaniwang nambibiktima sa bata. Sila ang kadalasang salarin. Napakaselan ng ganitong usapin at may posibilidad na mawala ang tiwala ng bata sa kaniyang magulang at kamag-anak. Ngunit kailangan itong talakayin para malubos ang kapangyarihan ng aklat na pangalagaan ang kapakanan ng isang bata. Maselan at pangahas man, kailangang matukoy ng aklat ang mga maaaring lapitan ng mga bata kung sila'y naaabuso ng magulang o ng isang kamag-anak.

Halos pareho ng sinasabi ang Filipinong bersiyon ng ikawalang aklat na *Hoy bata! Mahalaga ka! Sina Biboy at Nina para sa patakaran sa ligtas na paghawak* (2005). Ito ang aklat pambata na sumusunod sa pormat ng establisadong palimbagan batay sa sukat, produksiyon, tala para sa mga magulang, at ang *bookplate*. Ang hindi paglihis ng aklat na ito sa hitsurang *mainstream* at karaniwan ay paanyaya sa mga mambabasa at mamimili ng aklat. Itinatago ng aklat ang pagtataglay nito ng sensitibong paksain sa pamamagitan ng anyo ng produksiyon at pagkakalimbag. Ito ang alternatibong aklat na nagpapakomersiyal sa pisikal na hitsura ng produksiyon.

Mainam na katangian ng aklat ay ang pagtatampok ng mga positibong at aktibong batang bayani—sina Lambukan at Pandawat na iniligtas ang buwan sa higanteng Minokawa. Naghudyat ang dalawang bata sa kanilang kababayan na may ibong-halimaw na lalamon sa buwan. Naalerto ang komunidad at nailigtas nila ang

buwan sa pagkakalaho nito. Bukod sa pag-aalay ng batang bayani sa kuwento, mabisang pahiwatig (*foreshadowing*) ang eksenang ito. Maiuugnay ang paghudyat ng batang bayani sa pagsusumbong ng isang bata sa tangkang seksuwal na pang-aabuso; ang Minokawa sa isang *sex offender*; at ang kilos-bayan sa pagtutulungan ng magulang, guro, pulis sa pangangalaga sa bata laban sa banta ng ASB. Dagdag pa rito ay ang bisang tinutukoy ni Bettelheim kaugnay sa simbolong taglay ng halimaw (*i.e.*, Minokawa, isang dambuhalang ibon ng mitolohiyang Bagobo na kumakain ng buwan at nagdudulot ng laho) sa pagtalakay ng mga suliraning kinakaharap ng mga bata.

Matalino ang pagkakagamit ng enumerasyon sa kuwento, hindi lamang bilang retorikang pambata kundi mapaglarong pagtuturo sa mambabasa sa konsepto ng panganib. Idagdag pa sa enumerasyong ito ang paglubos sa bisa ng tugma at awit sa loob ng prosa. Dahil sa dalawang retorikang ito, naging magaan at payak ang konsepto ng pag-iingat. Hindi rin naging lantaran at nakababagot ang pagbabahagi ng instruksiyon. Nakatulong ang mga ilustrasyong may *humor* (may impluwensiya sa mga ilustrasyon ni Tim Burton sa *The Melancholy Death of Oyster Boy*) para ipahiwatig ang panganib ng mga karaniwang bagay—gunting na tumatakbo, taong posporo, at pagtawid sa kalye. Napapalapit sa bata ang panganib dahil sa bahagi ng kaniyang karanasan ang mga natukoy na halimbawa.

Malaking tulong din ang pag-uuri at pagbibigay-halimbawa sa mga uri ng paghawak, ng pagtulong, pagpapaalala na tanda ng pagkakaibigan ng dalawang bata. Ayon sa kuwento:

> Nang magbanggaan sina Nina at Buboy, ang ginawa ni Nina sa kanyang kaibigan ay mabuting paghawak. Hinaplos pa ang braso nito na kanyang nabangga upang mabawasan ang sakit. Sabi pa nga ni Kulokoy, "Hindi iyan nakasasama, nagpapakita pa nga 'yan ng pag-aalaga!" (Aguirre 2005, 19)

Natukoy pa sa kuwento ang mga halimbawa ng mabuting paghawak tulad ng pag-aalaga ng Tatay sa anak na may sakit, panggagamot ng doktor, at pagpapaligo ng Nanay sa batang anak. Sa pagpapaliwanag na ito, nabibigyang-linaw ang bata na hindi lahat ng paghipo at paghawak ay may malisya o kaya'y seksuwal ang oryentasyon. Makabata (*child-friendly*) ang pagpapaliwanag. Ibig sabihin, ginamit ng awtor ang wika at kultura ng bata bilang lunsaran ng pagpapaunawa sa isang konsepto tulad ng ASB.[6] Pansinin natin ang pagkakagamit ng wika't kultura ng bata (*i.e.*, paglalaro ng patintero) sa siping ito:

> Sa patintero, kailangang bantayan ang gustong lumusot sa linya. Kapag gustong lumusot, TAYA!
>
> Ganun din sa mga patakaran sa paghawak, kailangang bantayan ang mga maling paghawak o paghipo, lalo sa maseselang bahagi ng katawan.
>
> Tama, kapag gustong lumusot, mali ang paghawak, nakakalito, hindi na para sa kalinisan o kalusugan mo, TAYA! Hala isusumbong kita! (25-26)

Gaya din ng *Ang Batang Ayaw Gumising,* tunay na *picture book* ang aklat na ito. Ibig sabihin, nagtutulungan at nagtatalaban ang kuwento at ilustrasyon sa paglikha ng bisa at kahulugan. Tulad ng teknik ni John Crisostomo, ginamit din ni Aldy C. Aguirre ang aninong halimaw para ilarawan ang isang *sexual predator*. Pagtutol din ng bata ang pamuksa sa halimaw—ang pagsigaw ng "Hindi! Hindi! Hindi! Ayoko! Hindi ko 'yan gusto!" (29). Kapuri-puri ito dahil may pananalig ang manunulat at ilustrador sa kapangyarihan ng tinig ng isang bata. Hindi nila hinayaang magpalamon sa takot ang tauhan. Matapat na naipakita sa ilustrasyon ang pagkakapuksa sa halimaw. Nawala ang bangis nito at nanginig sa mariing pahayag ng bata.

Gayong may Minokawa at aninong halimaw, hindi pananakot ang layon ng aklat. Sa katunayan, makikita sa pahina 31 ng aklat ang uniberso ng mabubuting tao na makatutulong sa bata sa harap ng panganib. Nakapaligid sa batang nakangiti ang mga kaibigan, bata, guro, pulis, at magulang. Hindi nagbabanta ang kuwento at ipinapahiwatig sa bata na napakasama ng mga may-edad. Ibinabalik nito ang tiwala sa bata na may mga taong nagsisikap para mapagbuti at mapaghusay ang uri ng pamumuhay.

Bilang paglalagom, kahanga-hanga ang aklat na ito dahil sa paggamit ng Filipinong konsepto (*e.g.*, Minokawa, patintero) para sa unibersal na suliranin gaya ng ASB. Sensitibo ang pagkakasulat ngunit hindi nito nalimot maging mapaglaro at maging masaya. Mababakas ito sa gamit ng pag-uulit, ritmo, enumerasyon, at mga awitin. Matalino rin ang pagkakalapat ng ilustrasyon, paglalaro ng pormat gaya ng paglahok sa anyo ng komiks, at mabisang gamit ng mga *font* para magpahiwatig sa emosyon ng tauhang bata. Nagbigay-buhay ito sa teksto at nakalikha pa ng mga bagong kahulugan na hindi nabanggit ng tekstong pampanitikan. Positibong naihulma ng aklat ang larawan ng bata bilang bayani at may makapangyarihang tinig.

Ilan naman sa mga pagkukulang ng aklat ay ang tangkang paggaya sa anyo ng mga karaniwang anyo ng *picture book* sa bansa. Para sa isang aklat na may pondo at malaya sa pagtalakay ng paksa, sana'y nakapag-eksperimento rin ng bagong anyo o pormat ng aklat. Madilim at mahinang uri ng pagpapalimbag ang pinagdaanan ng aklat. Malabo ang mga kulay. Hindi nakuha ng *printing* ang orihinal na rikit ng mga ilustrasyon. Bukod sa mga konsiderasyong pisikal at pansining ng aklat, mapapansin ding lalaki lamang ang mga mang-aabuso sa aklat. Hindi mainam ang ganitong depiksiyon. Walang matatamong kalayaan sa seksuwal na abuso kung makakamit ito sa pamamagitan ng pagkastigo at pagkakahon sa kasarian. Minadali rin ang wakas ng naratibo para maging masaya. Sadyang kinaligtaan ang tensiyon sa mga ugnayang pampamilya at pangkomunidad dala ng ASB. Walang *follow-up* sa kung paano parurusahan at/o gagamutin ang mga *sex offender*. Dahil tulad ng mga batang biktima, kailangan din ng tulong at interbensiyon ng mga mang-aabuso para maipasuri nila ang kanilang mental na kondisyon.

## ANG MANWAL BILANG PAGSASANAY SA KALIGTASAN AT KAMULATAN

Katangi-tanging aklat pambata ang *Ang Aking Aklat para sa Pansariling Kaligtasan* (2003) ng CPTCSA. Pinaghalong elemento ng manwal, *activity book,* antolohiya ng mga kuwento, textbuk, at *information book* ang anyo nito. Hindi ito ang tipikal na *picture book* na karaniwang anyo ng isang panitikan para sa bata. Hindi rin ito ang tipikal na textbuk na karaniwang ipinapabasa nang pilit sa bata. Tila tugon ang aklat na ito obserbasyon ni Virgilio Almario na dumarami ng bilang ng mga aklat pambata sa bansa ngunit hindi dumarami ang uri. Tinutukoy ng naturang kritiko ang pormat at nilalaman ng mga aklat. Aniya, "Karamihan kasi ng nakikita ko'y waring katipo lamang ng Aklat Adarna. Hindi kaya ang dinadanas natin ngayong "kaunlaran" ay bunga lamang ng mentalidad hot pandesal? Medyo kumita ang Aklat Adarna kaya nakikiuso lamang ang ibang picture book?" (2007, 5).

Isang inobasyon ng aklat na ito ang layuning malinang ang *emotional intelligence* ng batang mambabasa. Bukod sa pagtataglay ng tradisyonal na layunin ng *activity book* tulad ng pagsasanay sa pagguhit, pagkulay, pagsulat, at pagsuri, nalilinang ng aklat ang kakayahan ng bata sa pagpapahayag sa sarili. Sa mga serye ng pagsasanay, paunti-unting nakikilala ng bata ang kaniyang sariling damdamin at

pakiramdam. Sa pagbabasa rin, unti-unting nakikilala ng batang mambabasa ang kaniyang katawan at ang tungkulin ng mga bahaging ito sa kaniyang kalusugan. Naisasagawa ito sa mga malikhaing pamamaraan tulad ng direktang pagtugon sa mga tanong, enumerasyon, pagguhit, pagsasadula, pagpapaalala, at mga paglutas sa suliranin at sitwasyon. Kapuri-puri ang ganitong teknik dahil hindi natali ang aklat sa pagiging estriktong aklat ng impormasyon. May interaksiyong nagaganap sa pagitan ng teksto at ng mambabasa bukod sa pagbabasa lamang.

Ilan sa mga gawaing naglalayong makilala ng bata ang kaniyang damdamin ay ang mga sumusunod na tanong:

- mga bagay na NAKAPAGPAPASAYA sa akin:
- mga taong NAKAPAGPAPASAYA sa akin:
- kung ako ay MALUNGKOT, ako ay:
- mga bagay na NAKAPAGPAPALUNGKOT sa akin:
- mga taong NAKAPAGPAPALUNGKOT sa akin:
- kung ako ay GALIT, ako ay:
- mga bagay na NAKAPAGPAPAGALIT sa akin:
- mga taong NAKAPAGPAPAGALIT sa akin:
- kung ako ay NATATAKOT, ako ay:
- mga bagay na NAGBIBIGAY-TAKOT sa akin:
- mga taong NAGBIBIGAY-TAKOT sa akin: (CPTCSA 2003, 8-14)

Kapansin-pansin sa sipi ang pagbibigay-diin sa mga emosyon. Nilalayon nito na sa batang mambabasa magmula ang kongkretisasyon ng mga abstraktong emosyon. Nagpapalista rin ito ng mga sitwasyon at danas ng bata kaugnay sa mga emosyong natukoy. Mula rito, hinahayaan ng mga pagsasanay na makapagbalik-tanaw ang bata sa kaniyang buhay at maiuri ang mga karanasan sang-ayon sa kaniyang damdamin. Pinakatampok sa mga gawaing ito ang mabatid ng bata ang mga bagay na nakapagpapagalit at nagbibigay-takot sa kaniya. Sa pamamagitan nito, matutukoy ng batang mambabasa, kasama ng kaniyang magulang o tagapag-alaga, kung siya'y biktima ng anumang pang-aabuso. Sa ganitong gawain na nagkakaroon ng pagkilala sa mga emosyon, naihahanda ang bata sa mga pagtugon sa mga sitwasyong nakalilito o hindi kumportable para sa kanila.

Isa pang mainam na katangian ng aklat ay ang paglinang sa *multiple intelligences,* sang-ayon sa ideya ni Howard Gardner. Hindi lamang ang tradisyonal na kasanayan ang itinuturo nito tulad ng pagsulat, pagbasa, at pagbilang. Sa halip, nililinang nito ang iba pang kasanayan tulad ng interpersonal na kahusayan na tumutukoy sa pakikihalubilo ng bata sa ibang tao, ang pagiging sensitibo, at ang pagkakaunawa sa damdamin ng ibang tao. Mailalapat ito sa mga pagsasanay tulad ng pag-unawa sa mga kilos at pakay ng ibang tao sa bata, ang pagtukoy sa mga taong mapagkakatiwalaan at mahihingian ng tulong, at mga posibleng pakikitungo sa harap ng isang mang-aabuso.

Kaugnay nito ang paglinang na rin sa berbal na kagalingan. Tinutukoy naman nito ang mabisang pakikipagtalastasan at pakikipag-usap, pasalita man o pasulat. Sa nasabing aklat, may mga gawain tulad ng paglilista, paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay na ehersisyo sa komunikasyon. May mga pagsasanay rin sa mainam na komunikasyon at diyalogo ng bata sa sinumang magtatangkang mang-abuso o mang-molestiya. Halimbawa nito ay ang mga sumusunod: "HINDI! Hindi ko gusto na hinahawakan ako tulad ng ginagawa sa akin ng tutor ko!" "HINDI! Hindi pa huli para magsumbong ako!" "HINDI! Hindi ako dapat hinahawakan sa paraang ayaw ko!" "HINDI! Hindi ko ito kasalanan!" (CPTCSA 2003, 42). Sa pamamagitan ng berbal na kasanayan, nagkakaroon ang bata ng kumpiyansa na magsalita at makitungo sa iba. May kakayahan siyang tumanggi, may kapangyarihang magsumbong. Nagagantimpalaan siya ng tinig.

Intrapersonal ang ikatlong kahusayan na naibabahagi ng aklat sa batang mambabasa. Tinutukoy nito ang natalakay sa itaas na maunawaan ang sarili at ang emosyon. Tinutukoy rin nito ang pagtuklas ng bata sa kaniyang mga ambisyon, layunin, at mga motibasyon sa buhay. Dagdag pa rito ang matukoy ang sariling kalakasan, ang kakayahan, ang reaksiyon sa mga pangyayari, at ang mga pangyayaring dapat iwasan. Pinakamahalagang kasanayan na ibinabahagi sa aspektong ito ang pagtuklas sa mga taong maaaring lapitan/hilingan ng tulong sa oras ng pangangailangan. Naipapaunawa ang halaga ng kasanayang ito sa pagbibigay ng mga sitwasyon sa batang mambabasa. Sa pamamagitan ng mga sitwasyong tampok sa aklat, nasusukat ang dapat ikilos at madama ng bata kung sakaling sa kanila ito mangyayari. Narito ang apat na sitwasyon o kuwento ng ibang bata na nararapat suriin at pag-aralan ng mambabasa:

- Kaso ni Anna—Hinipo ng kaibigang lalaki ng kaniyang nanay ang parte ng katawan sa ilalim ng damit. Nawala ang kaniyang tiwala sa isang taong pinagkakatiwalaan ng magulang at ng pamilya. Nagpasiya siyang magsumbong sa kaniyang ina kahit pa kaibigan nito ang mambibiktima.
- Kaso ni Miguel—Inakit siya ng isang nakatatandang lalaking kapitbahay sa pamamagitan ng mamahaling laruan tulad ng motorsiklo. Nang napagtibay na ang pagkakaibigan ng dalawa, inaya ng mambibiktimang si Manuel na maglaro sila ng bata. Maghihipuan dapat sila ng kanilang mga pribadong ari. Ramdam ng bata na may mali sa ganitong laro. Nagsumbong siya sa magulang niya.
- Kaso ni Rosa—Nakuha naman ang loob ni Rosa nang kaniyang *tutor* na mapagbigay sa mga papuri at kaalaman. Nang magkagaanan na ng loob, ipinakita ng tutor ang isang pornograpikong larawan at inatasan ang bata na imuwestra at gayahin ang mga nakikita sa larawan. Tumutol ang bata pero pinagbantaan siya ng guro na huwag na huwag magsusumbong. Sa mahabang pagpoproseso ng sariling danas, nagsumbong si Rosa sa magulang.
- Kaso ni Rica—Nakatatandang pinsan ang nanghipo at humalik sa batang si Rica. Ito ang kaso ng ASB na isinagawa ng isang kamag-anak at isang nakatatandang bata. Binantaan man siya ng pinsan, nagsumbong pa rin ang bata sa pinagkakatiwalaang matanda tulad ng guro. Inakala kasi ng bata na hindi maniniwala ang kaniyang tatay sa kaniyang sumbong, lalo pa't kamag-anak ang mang-aabuso.

Sa mga nailatag na kaso, lagi't laging nagsusumbong ang bata. Hinihimok ng aklat na magsalita ang bata, huwag mahihiya sa kaniyang dinanas, at huwag sisihin ang sarili sa mga nangyari. Pinapagtibay ng mga kaso na walang kasalanan ang bata sa mga pangyayari. Sa estilong ikawalang panauhan, hinahamon ng teksto ang mga mambabasa kung paano ang gagawin kapag sila'y malagay sa nailatag na sitwasyon. Inihapag din ang mga kaso ang mga posibleng mambibiktima—kapitbahay, kamag-anak, kaibigan ng magulang, at tagapagturo sa bata. Pag-iingatang namamayaning mensahe ng aklat. Hindi awtomatikong mapagkakatiwalaan ang sinuman, kahit pa iyong malapit sa pamilya at kamag-anak. Sa huli, pinagtitibay nito ang isang pang konseptong idinidiin ng aklat—ang pribado at maselang bahagi ng katawan na marapat pangalagaan ng may-ari nito.

Ilan pa sa mga araling ibinabahagi ng aklat ay ang pagpapahalaga at pagkilala sa tungkulin ng mga bahagi ng katawan, ang mga uri at pagkakaiba ng mga hawak o hipo, ang karapatan ng bata, ang mga estratehiya sa pagsusumbong at paglalatad, at ang pagtukoy ng mga matatandang mahihilingan ng payo. Kung gagamiting sukatan ang mga inilatag ni Rudman, mainam ang aklat na sinusuri.

Gayunpaman, may ilang puntong maipupuna sa aklat. Sa antas ng kasiningan o pagkapanitikan, hindi natural ang mga diyalogo. Ibig sabihin, tila nagsasalitang aklat ang mga ito o kaya'y isang gurong nangangaral. Labis ding sumandig ang aklat sa mga pagkakataon (*coincidence*). Minamadali ang resolusyon para matapos lamang ang pagsasalaysay ng mga kaso. Hindi man lamang ipinakita sa mga kaso ng ASB ang kinahinatnan ng mga mambibiktima. Hindi naipakita ang mga parusang natanggap ng mga ito para makaramdam ng tagumpay ang bata sa kaniyang pagpaslang sa halimaw. Hindi rin lubusang nilutas ang problema sa mga kuwento. Natapos lamang ito sa pagsusumbong ng bata. Mali rin ang inisyal na reaksiyon ng magulang sa apat na kuwento. Imbes na magalit, mabigla, o malungkot sa pangyayaring ASB, natuwa pa sila sa kapangahasan ng kanilang mga anak na magsalita at magsumbong.

Pinakamalaking pagkakamali ng aklat ay ang usapin ng representasyon. Palaging lalaki, heteroseksuwal man o homoseksuwal, ang mambibiktima o ang *offender*. Hindi ito naging tapat sa mga pag-aaral na maaari ring maging salarin ang kababaihan. Hindi naman eksklusibo sa mga lalaki ang pagiging *molester*. Kaugnay nito, karumal-dumal ang grapikong ilustrasyon sa salaring si Manuel. Inilarawan ito ni Jim Marpa bilang baklang may masikip na pantalon at lantad ang bukol, maskulado, pustura, at nakatikwas ang mga daliri. Esterotipong machong bakla ang depiksiyon sa mambibiktima ng bata. Kasumpa-sumpa ito dahil sa taglay na *homophobia* ng ilustrador. Marahil, dulot ito ng pagsandig niya sa nakasananayang pagturing sa mga bakla sa mass media at kulturang popular. Sa ilustrasyong iginuhit niya, napagtibay at naipagpatuloy niya ang maling paniniwala na ang mga bakla ay hayok sa sex, marumi, at makasalanan. Para sa panitikan, lalo pa't panitikang pambata, kailangang mag-ingat sa produksiyon ng mga teksto at ilustrasyon na posibleng maging ahente ng mga sarado at de-kahong paniniwala hinggil sa kasarian.

## ILANG USISA SA PRODUKSIYON NG MGA AKLAT PAMBATA

Sa daloy ng talakay, naitaguyod na may kapangyarihang taglay ang mga aklat pambatang sinuri. Sa isang lipunan tulad ng Pilipinas, na ipinagkakait ang tinig sa mga bata, kasangkapan ang panitikang pambata para muling igawad ang tinig at kapangyarihan sa naisantabing sektor. Malaki ang potensiyal ng mga sinuring aklat sa edukasyon kapwa ng magulang at ng kanilang mga anak. At sa pamamagitan ng naturang edukasyon, makapagbubunsod ito ng kamulatan at makapagbubukas ng mga pinto sa kamalayan sa panig ng bata at ng kaniyang magulang. Sa wika ni Virgilio Almario, "magbubunga [ang mga aklat pambata] ng kapaki-pakinabang na mga mamamayan sa Filipinas" (2007, 6).

Mainam na talinghaga ang idinidiin ng kuwentong *Erika and Jay Learn the Touching Rules:* "Ikuwento mo…Imbes na ilihim mo, magsalita ka't ikuwento. IKUWENTO MO! Ikuwento mo nang ikuwento. Huwag mong itatago, sabihin mo at huwag kalimutang IKUWENTO MO!" [Keep on telling…Rather than keeping it secret, the more you should tell. JUST KEEP ON TELLING! Keep on telling…tell it without let-up. Rather than keep a secret, go tell and don't forget—KEEP ON TELLING!] (Cayaban 2005, 26-29). Maiuugnay ang siping ito sa kapuri-puring kapangahasan ng mga aklat sa pagtalakay ng sensitibong paksa, sa patuloy na pagkukuwento hanggang sa marinig ang danas ng karamihan sa batang Filipino. Sinisira nito ang nosyon na inosente, *wholesome*, at ligtas sa anumang ideolohiya at politika ang mga aklat pambata.[7] Naghahain ito sa mga mambabasa ng matatapang na akdang hindi naitatampok sa komersiyal na paglalathala o produksiyon na isinasaalang-alang ang panlasa at pintig ng interes ng mga bata sa panggitnang uri. Sa madaling sabi, tugon ang ganitong paglalathala sa limitasyon ng mga nangungunang pablisher ng mga aklat pambata.

Kaugnay nito, mailalahok sa usisa ang sitwasyon ng paglalathala sa bansa. May pondo ng NGO at UNICEF ang lahat ng aklat na nalathala. Hindi negosyante ang *producer*. Ibig sabihin ba nito, walang kusa ang mga ibang palimbagan sa paglalathala ng mga aklat pambatang may panlipunang pananagutan? Maghihintay lamang ba ng mga pondo sa mga internasyonal na ahensiya para makapaglathala ang aklat na may pangahas na tema tulad ng ASB?

Hanggang saan ang bisa ng pagkukuwento? Hanggang saan ang kapangyarihan ng paulit-ulit na pagsasalaysay? May limitasyon

ding lumilitaw ang mga alternatibong aklat pambata sa panunuring ito. Para sa ordinaryong mamimili ng aklat (e.g., magulang, guro, *storyteller,* at tagapangalaga ng bata), napakamahal ng mga nasabing aklat.[8] Ipinamimigay nang libre ang *Ang Batang Ayaw Gumising* pero pili lamang ang nabibigyan nito at huminto na ang muling paglilimbag. *Collector's item* na nga ang naturang aklat ni Villanueva. Hindi *competitive* ang halaga ng mga aklat na makabuluhan, kapaki-pakinabang, at may hatid na bagong paksain at tungkulin para sa batang Filipino. Taliwas ito sa mga layunin ng tagapaglathla o *producer* na NGO na magsulong at maghain ng mga pagbabago sa pagtrato sa batang Filipino. Kung gayon, may posibilidad na mananatiling alternatibo ang mga alternatibong aklat. Hindi ito makararating sa tiyak at malawakang *audience.*

Maitatanong ngayon, paano makararating ng tinig ng pagpapalaya kung mataas ang presyo nito? Sa sitwasyon ng bansa, pribilehiyong *middle* at *upper class* ang pagbabasa at pagtangkilik ng aklat pambata. Sang-ayon pa kay Jaileen F. Jimeno ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), "Ang mga bata mula sa mahihirap na pamilya ay hindi nakakasabay sa kanilang kaedad na higit na natutustusan ang mga pangangailangan sa pagbabasa. Lalo tuloy nahahati ang pagitan ng mga nakapagbasa sa mga hindi gaanong nakapagbasa. At dahil higit na nakararami ang huli, nangangahulugang tumutugon lamang ang mga tagapaglathala at mga ahente ng aklat pambata sa napakaliit na merkado." ["Children belonging to poor families are unable to compete with their better-equipped and better-financed peers when it comes to reading, widening the chasm between the literates and not-so-well read. And because the latter far outnumber the former, this means publishers and sellers of children's books are catering to a very small market."] (2007, 1). Kung gayon, hadlang ang presyo ng aklat sa layuning palaganapin ang panawagan na iligtas ang mga bata sa abusong seksuwal at ang mga aralin kung paano higit na pangangalagaan ng bata ang sarili.

Paano maikakalat ang mga mensahe tungkol sa seksuwal na pang-aabuso sa bata kung karamihan sa mga pamilya at bata ay naghihirap, lalo't higit kung karamihan sa mga biktima ay buhat sa mahirap na pamilya? Paano magiging pananggalang ang mga aklat kung wala namang makagagamit at makababasa nito? Mananatili ba ito sa mga eskaparate ng *bookstore* hanggang sa balutin at lamunin ng alikabok?

Hanggang saan ang malalakbay at maaabot ng tinig ng mga aklat tulad nito? May makaririnig kaya sa tinig na iyon?

## MULA MASELAN TUNGONG MAKABULUHAN

Bilang paglalagom, ihahapag ng pag-aaral na ito ang mga suhestiyon tungo sa pagpapaunlad ng pagsulat at produksiyon ng panitikang pambata sa Pilipinas na may kaugnayan sa pagpaksa ng abusong seksuwal sa mga bata.

Sa larangan ng distribusyon at diseminasyon ng mga akdang pambata, kailangan nang pag-isipan ang hindi gaanong pagsandig sa paglalathala para makipag-ugnayan sa mga bata. Maaaring alternatibong daluyan ang pagsasadula at pagsasalaysay upang maigpawan ang mga suliranin kaugnay sa kabuhayan ng karamihan sa mga pamilyang Pilipino.

Sa larangan ng estilo ng pagkakasulat, tila hindi pa handa ang mga Pilipino sa realistikong uri ng mga aklat na pumapaksa sa sensitibong usapin gaya ng ASB. Maipapanukala ang gamit ng pantasya at mga simbolo para hindi maging karima-kimarim ang paglalahad ng mga maselan at marahas na eksena. Alinsunod din ito sa paninindigan ni C.K. Chesterton kaugnay sa bisa ng pantasya kumpara sa realismo, "Higit pa sa totoo ang mga fairy tale; hindi dahil sa inilalahad nitong mayroong mga dragon kundi ipinapaalala sa ating maaaring talunin ang mga ito." [Fairy tales are more than true; not because they tell us that dragons exist, but because they tell us that dragons can be beaten.] Marapat lamang na gumamit at humango ng mga Filipinong konsepto buhat sa ating mitolohiya at panitikang-bayan. Bukod pa rito, kailangan ding gamitin ang kultura ng bata at kabataan sa lilikhaing teksto upang mapalapit at makaugnay ang batang mambabasa sa isang sensitibong paksain.

Kaugnay nito, maaari ring gamitin ang bisa ng ilustrasyon at mga larawan para sa pagkukuwento ng mga maselang paksa. Sa bisa ng semiotika ng mga kulay, posisyon, hugis, at mga imahen, makapagkukuwento ang akda na paraang hindi grapiko at nakapanggugulat sa mga mambabasa. Matagumpay itong naipamalas sa akdang *Ang Batang Ayaw Gumising*.

Sa pagtalakay din ng ASB, kailangang iwasan ang paggamit ng abstraktong konsepto tulad ng "maselang bahagi ng katawan." Mas epektibo kung agad tutukuyin ang termino para maintindihan

ng bata. Kailangang iwasan ang mga eufemismo at metapora ng mga seksuwal na bahagi ng katawan. Halimbawa ay ang paggamit ng bulaklak, bibingka, monay, at ibon sa mga termino sa ari. Maigi ring gawing kumportable ang mga bata sa pagtukoy ng ngalan ng bahagi ng katawan. Sa pamamagitan nito, magiging kumportable rin siyang magkuwento at magbahagi ng kaniyang danas, masama man o hindi. Marapat ding ipaalala sa bata na ang pagkukuwento at pagsusumbong ay isang epektibong paraan para mawakasan ang pang-aabuso. Sa pamamagitan nito, mabilis na matatalakay ang problema, agarang mahaharap ang usapin, at mayroong tulong na maibibigay mula sa sinumang nagmamalasakit.

Dapat ding ipagpatuloy ang ipinamalas na katangian ng mga sinuring aklat—ang hindi lantarang pangangaral o hindi didaktiko. May mga katangiang impormatibo at interaktibo ang mga aklat na makatutulong sa higit na kaalaman tungo sa kamulatan ng mga batang mambabasa. Dapat ding lubusin ang mga *peritext* bilang potensiyal na espasyo sa pagbibigay ng impormasyon at higit na pagpapaliwanag sa paraang magaan at makabuluhan sa bata at sa kaniyang magulang/tagapag-alaga.[9] Mainam din ang paglalahok ng mga pagsasanay sa pagkilala ng emosyon at ang panghihikayat sa mga bata na ipahayag ang kanilang sarili. Pinahahalagahan nito ang malayang pagpapahayag ng bata at ang pagbibigay sa kanila ng suhestiyon na may tinig silang kailangang gamitin at mapakinggan.

Sa usapin ng representasyon ng biktima at mambibiktima, kailangang maging maingat ang manunulat sa anumang patibong ng paglalahat (generalization) at pagkakahon (stereotyping). Kailangang iwasan ang homophobia sa paglikha ng tauhang mambibiktima. Hindi rin naman kailangang ipakita na laging lalaki ang mambibiktima at babae ang biktima. Lilikha lamang ito ng dagdag pang problema sa kamalayan ng batang mambabasa. Gayundin, kailangang magkaroon na ng kuwento na may mga lunang mahirap tulad ng siksikang barumbarong, *informal settlers*, mga walang tahanan, o kaya'y nasa rural na pamayanan. Sa lahat ng kuwentong tinalakay, pamilya mula sa panggitnang uri sa lungsod ang pokus. Hindi naman ito masama ngunit batay sa mga pag-aaral na nailahad, higit na maraming naaabuso sa mga pamilya at tahanang may mababang kondisyon sa kabuhayan dulot ng kawalang-galang sa pribadong espasyo at sa pribadong bahagi ng katawan.

Dapat ding itampok ang mga aktibo at mulat na batang tauhan sa mga aklat pambata na tumatalakay sa ASB. May antagonismo at

pagtutol ang mga magulang sa mga aklat na may sensitibong usapin dahil nagiging biktima ang mga batang tauhan sa loob ng teksto. Kung gagawing matalino ang mga batang tauhan, magkakaroon ito ng mga pagkilos upang labanan ang anumang pang-aabuso. Kung ang batang tauhan ay may kamulatan sa paksa, hindi na siya hahantong pa sa anumang pangagahasa o pangmomolestiya. Naniniwala ako na hindi kailangang maging biktima ang batang tauhan upang ipakilala sa mga batang mambabasa ang mga batayang kaalaman sa ASB.

Sa larangan ng edukasyon at usaping pampamilya, kailangang itaguyod ang malayang talakayan sa kasarian at seksuwalidad. Hindi dapat ituring na maselan ang mga usaping ito lalo pa't nasasangkot ang isang bata na may karapatang pantao at may pribadong katawan na dapat pangalagaan. Sa tendensiya na ilihim ang ganitong usapin sa mga bata, nagiging ignorante ang mga bata at higit na malapit sa anumang pang-aabuso. Mainam na instrumento sa talakayang ito ang mga aklat na sakop ng pag-aaral. Maaari itong gamiting lunsaran sa pagpapamulat sa mga bata. Ngunit kailangang tandaan na sa paggamit ng mga aklat na ito, nangangailangan ng patnubay at superbisyon ng magulang o nakatatanda. May mabubuong mga tanong ang bata sa kaniyang pagbabasa na kailangang matugunan ng kaniyang magulang o tagapag-alaga. Hindi dapat iasa lamang sa aklat ang lahat ng pagpapaliwanag sa batang mambabasa.

Mangyari pa, kailangan ng edukasyon ng buong pamilya sa usaping ito. Ang positibo sa karamihan ng mga sinuring aklat, naglalahad ito ng impormasyon na magagamit hindi lamang ng bata kundi ng kaniyang mga magulang. Kung gayon, naghahain ang mga aklat ng bagong depinisyon ng panitikang pambata—isang teksto para sa bata na makapagmumulat sa bata at sa kaniyang pamilya. Hindi lamang eksklusibo sa mga bata ang produksiyon ng ganitong mga babasahin. Karapat-dapat ito, lalo na sa usapin ng seksuwal na pang-aabuso, dahil ang karahasan at krimeng seksuwal ay nagaganap kadalasan sa domestikong espasyo na itinuturing na maselang bagay ang pagbigkas at pagkilala sa sariling katawan.

## MGA TALA

[1]Kinikilala ng pag-aaral na ito ang dalawang pangunahing kritika sa pangunahing pag-aaral ni Bruno Bettelheim na *The Uses of Enchantment.* Sa pagsusuma ni Jack Zipes noong 1979, kilalang eksperto sa mga panitikang-bayan, fairy tales, at panitikang pambata, nailahad niyang ang naturang aklat ay "gumagamit ng mga di kapani-paniwalang metodo at eksperimento na nakapinsala sa maraming tao at nagpapalaganap ng maling paniniwala kaugnay sa pagpapahilom at panitikan" ["using dubious methods and experiments that have harmed numerous people and by disseminating ideas about therapy and literature that are misleading"] (2002, 179-180). Dagdag pa niya, "mali ang pagkakagamit ni Bettelheim sa teoryang sikoanalitikal ni Freud at sa pampanitikang kalikasan o katangian ng mga fairy tale" (181). Wala ring siyang dokumentasyon para patunayan na pinakamainam ang fairy tale sa lahat ng anyong pampanitikan para mapaunlad ang pagkatao ng mga bata; walang kaalaman sa panitikang pambata, sa ugali sa pagbabasa ng bata (*reading habit*); at walang siyentipikong paliwanag sa halaga ng kuwento sa bata at kung paano ito makatutulong sa bata kaugnay sa kanilang pag-unlad (183).

Dalawang pangunahing punto naman ang kritika ni Alan Dundes, pangunahing folklorista sa U.S. na naggiit sa *folklore* bilang disiplina sa akademiya, sa pag-aaral ni Bettelheim—ang "omission" at ang "commission" (1991, 76). Tinutukoy ni Dundes sa "omission" ang kawalan/ kakulangan ni Bettelheim ng batayang kaalaman sa kalikasan ng panitikang-bayan o folklore. Nailahad din niyang "ignorante" sa mahahalagang pag-aaral ang *The Uses of Enchantment,* pabaya at hindi sistematiko ang iskolarsyip kaya mapapansin ang mga pagkakamali sa interpretasyon ng mga fairy tale na sakop sa pag-aaral (76-77). Samantala, inilalahad naman sa "commission" ang kawalan ng pagkilala ng mananaliksik sa mga sinangguning pag-aaral. Nailahad din ni Dundes ang halos parehong pagkakaayos ng pagtalakay ng mga fairy tale na nakapadron sa aklat ni Julius E. Heuscher ni *A Psychiatric Study of Myths and Fairy Tales* na nalathala noong 1963 (79). Pinakapangunahing atake ni Dundes kay Bettelheim ay may kinalaman sa akademikong integridad o ang "wholesale borrowing of key ideas" (80). Sa huli, pinagtibay ni Dundes ang naunang pahayag ni Zipes, "Si Bettelheim ay lantarang authoritarian sa paniniwalang batid niya ang di-malay na pagkakaunawa ng mga bata sa mga kuwento; siya'y labis na moralistiko, at isinasantabi niya ang mga pagkakaibang panlipunan at pagkakaiba batay sa uri kapag ipinapalagay niyang nauunawaan ng lahat ng bata ang fairy tale sa magkakahalintulad na paraan." ["Bettelheim is overtly authoritarian—in claiming that he knows how children unconsciously understand the

tales, he is overly moralistic, and he ignores social and class differences when he assumes that all children will understand a fairy tale in the same way"] (81).

Gayong sistematikong nailahad ang kakulangan ni Bettelheim bilang iskolar, positibong natukoy ni Dundes na nakatulong ang aklat na *The Uses of Enchantment* upang higit na maintindihan ng mas marami ang sikoanaliktikal na pagsusuri sa mga fairy tale (1991, 81). May mahalagang pahayag at paunawa rin si Jack Zipes—hindi kailangang kondenahin ang lahat ng naiambag at naisulat ni Bettelheim (2002, 180). Hindi rin dapat isawalang-bahala ang kabuuan ng kaniyang aklat (181). Nagkasundo sa ganitong aspekto sina Zipes at Dundes. Sang-ayon kay Zipes, "Dahil may mahalagang gampanin ang mga katutubo at fairy tale sa proseso ng sosyalisasyon, mahalaga ang malalimang pag-aaral sa dalumat ni Bettelheim upang matukoy kung paano higit na mapapakinabangan ang mga kuwento sa pagtulong sa mga bata at sa matatanda. Sa huli'y magbubunga ang mapanuring pagsusuri sa kaniyang teorya ng mga bagong pananaw sa kasalukuyang sikoanalitikal na pananaw sa internalisasyon at bagong pagdulog sa produksiyon at sa paggamit ng panitikang-bayan at fairy tale." [Since folk and fairy tales have played and continue to play a significant role in the socialization process, a thorough study of Bettelheim's position is crucial for grasping whether the tales can be used more effectively in helping children (and adults) come into their own. A critical examination of his theory may ultimately lead to a fresh look at contemporary psychoanalytic views on internalization and new insights about the production and usage of folk and fairy tales] (181).

[2]Ilan sa mga batas na ito na natukoy ng CPTCSA at ni Daniel O'Donnell sa aklat na *Children are people too: a guide to the Convention on the Rights of the Child for students and teachers* ay ang mga sumusunod:

- United Nations Convention on the Rights of the Child (CRC)

  Article 19. The state is obliged to protect and develop social programs to ensure that the child is free from any form of physical or mental abuse, neglect or exploitation (including sexual) by anyone including the parents or anyone who has the responsibility to look after the child. Thus, even a child's own parents may not hurt the child.

  Article 34 - The child has the right to be protected from sexual abuse and exploitation including prostitution and pornography. This only means that no one may do an act or say a word to the child, or ask a child to do or say something that would be tantamount to any form of sexual abuse.

- Konstitusyon ng Pilipinas

  Section 3 (2): The State shall defend the rights of the child to assistance, proper care and nutrition, and special protection from all forms of neglect, abuse, cruelty, exploitation, and other condition that may be prejudicial to their development.

- Family Code (Executive Order 209, Article 149)

  The family, being the foundation of the nation, is a basic social institution which public policy cherishes and protects. Consequently, family relations are governed by law and no custom, practice or agreement destructive of the family shall be recognized or given effect.

- PD 603 (Children and Youth Welfare Code of the Philippines)

  Mga karapatan ng bata na kaugnay sa pag-aaral

  # 5: To be brought up in an atmosphere of morality and rectitude

  #8: To protection against exploitation, improper influences, hazards and other conditions or circumstances prejudicial to his physical, mental, emotional, social and moral development

- RA 7610 - Special Protection of Filipino Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination

  This law is the Anti-child Abuse Law of the Philippines. It defines certain acts of child abuse (neglect and abandonment, and physical, emotional and sexual abuse) and other forms of acts that would deter the development of the child.

- RA 8353 - The Anti-Rape Law of 1997

  The law makes the crime of rape a crime against person. Before this, the crime of rape was a crime against chastity where a complaint* was necessary to file a charge of rape. The said requirement contributes to the non prosecution of rape offenders and curtails the view on the ill effects of rape.

  The law expands the definition of rape to include rape by sexual assault and marital rape. Also, the law provides that strong resistance is not necessary in order to show absence of consent by the victim. A mere indication of “no” is enough.

  *Complaint is a sworn written statement subscribed by the victim or another person as may be allowed by the rules of Court charging another person with a crime.

- RA 8505 (Rape Victim Assistance and Prevention Act of 1998)

  The law mandates ways to provide assistance to rape victims including the establishment of Rape Crisis Centers that will be supervised by the Crisis Intervention Unit of the DSWD. Children and Women's Desk shall be institutionalized in every PNP headquarters and properly trained women officers shall be assigned to it.

- Proclamation No. 731

  The law provides that the "National Awareness Week for the Prevention of Child Sexual Abuse and Exploitation" shall be celebrated every second week of February.

- RA 8369 Family Courts Act of 1997

  The law provides that a family court shall be designated in every city/ province in the country to hear and decide, among others, cases wherein the child is directly involved whether or not as a victim/offender.

- RA 7877 - Anti-Sexual Harassment Law

  The law does not define sexual harassment but enumerates the acts that constitute sexual harassment and possible offenders in an employment and education environment. When the victim is a child, the offender may be prosecuted for violating this law.

- Executive Order 56 (1986)

  This Executive mandates DSWD to take protective custody of sexually exploited children including prostituted children.

[3]Nais kong igiit na ang mga aklat na sakop ng aking pag-aaral ay maituturing na aklat pambata. Ang mga ito'y nasasaklaw sa batayang depinisyon ng panitikang pambata na isinulat para sa kapakanan at interes ng mga bata at sa batayan nitong katangian na *audience-oriented* at *age category* ng panitikan. Bagamat hindi karaniwang interes ng mga bata ang paksain ng abusong seksuwal, ang mga aklat sa pag-aaral ay tumutugon sa kapakanan ng bata sa isang ligtas na kapaligirang malaya sa anumang abuso at sa kanilang kamulatan upang pangalagaan ang kanilang mga sarili. Dagdag pa, ang produksiyon ng mga aklat ay halatang sinadya para sa bata. Mapapansin ito sa gamit ng payak na wika, gamit ng mapaglaro at musikal na wika, gamit ng mga reperensiya at danas na malapit sa bata, gamit ng mga ilustrasyon, pisikal na anyo ng mga aklat, at ang interaktibong kalikasan ng aklat na direktang kumakausap sa batang mambabasa. Isang indikasyon din ay ang pagkakatagpo ng

karamihan sa mga aklat sa Children's Book Section ng komersiyal na establisamento gaya ng National Bookstore. Nagkataong sensitibo at pangahas ang paksa ng mga aklat pambata na ito kaya nagdududa ang ilan kung pambata nga ba ito o hindi. Taliwas ito sa komersiyal, mainstream, at de-pormulang mga aklat pambata na karaniwang masusumpungan sa mga listahan ng bestseller. Tandaang hindi popularidad sa bata ang pangunahing batayan para tukuying pambata ang aklat pambata.

[4]Limitado ang kopya nito at kakaunti ang nagmamay-ari nito dahil hindi ipinagbibili ang aklat. Para maangkupan ang ganitong suliranin, isinalaysay sa programang *Batibot* ang kuwento bilang isang uri ng malawakang diseminasyon. Nailahok din ang kuwento sa *The Rene O. Villanueva Children's Reader* noong 2005 para muling ipakilala sa mga bata ng kasalukuyang panahon ang akda at magsilbing reperensiya sa mga iskolar ng panitikang pambata.

[5]Maikukumpara ang ritmo at repetisyon sa kuwentong ito sa akdang *Green Eggs and Ham* (1960) ni Dr. Seuss. Kilalang estilo at ambag ni Dr. Seuss (Theodor Seuss Geisel) sa larangan ng panitikang pambata ang paglalaro, pag-uulit, at pag-imbento ng mga salita. Isang estratehiya sa pagsulat ng kathang pambata ang nabanggit. Mahalaga ang "ear appeal" ng prosa para makuha ang interes ng mga batang mambabasa. Pansinin ang sipi sa naturang aklat bilang gabay sa pagkukumpara:

> ... Do you like
> green eggs and ham?
>
> I do not like them,
> Sam-I-am.
> I do not like
> green eggs and ham.
>
> Would you like them
> here or there?
>
> I would not like them
> here or there.
> I would not like them
> anywhere.
> I do not like
> green eggs and ham.
> I do not like them,
> Sam-I-am.

[6]Mahalagang bukal ng panitikang pambata ang kultura ng bata at kultura ng kabataan. Halaw ito kay Feny delos Angeles, na tinalakay ni Rene O. Villanueva sa kaniyang sanaysay na "Pagsulat ng Kuwentong Pambata." Sang-ayon dito, "Ang kultura ng bata ay tumutukoy sa lahat ng maraming konteksto ng mga batang Filipino; sa kanilang kinalalagyang komunindad, sa kinabibilangan nilang kasaysayan, tradisyon at uri ng pamumuhay. Bawat batang Filipino ay napaliligiran ng kasaysayan, tradisyon, grupong-panlipunan, uri ng pamumuhay at paniniwala at marami pa. Lahat nang ito ay maaaring maging balon ng mga kuwento na mapaghahanguan ng kuwento ng sinomang nagnanais makasulat ng kuwentong-pambata. Samantala, tumutukoy naman ang kultura ng kabataan sa lahat ng tao, lugar, damdamin, at karanasan ng bawat batang Filipino kaugnay ng kanyang pagiging bata, ng kanyang paglaki at pagkakagulang."

[7]Tugon ito sa pahayag ni Roland Tolentino sa kaniyang binasang papel na "Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media at Diskurso ng Bata" sa Unang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata sa UP Diliman, 25 Hulyo 2007. Ayon sa kaniyang mapanuring pagsisiyasat, "Bakit di tulad ng nakakatandang panitikan—at hindi lamang dahil mas nauna itong umunlad—na maaring maging palaban ang laman at porma ng sektoral at rehiyonal na panitikan, ang panitikang pambata ay masyadong "wholesome" o ang komentaryong panlipunan at historikal ay limitado sa personal na antas?" Sa aking palagay, humantong sa paglalahat ang naturang pahayag ni Tolentino. Natuon lamang ang kaniyang pagsisiyasat sa industriya ng aklat pambata sa mga komersiyal na uri. Hindi niya nakita ang iba pang produksiyon ng aklat pambata na taguyod ng mga NGO at mga organisasyong may malasakit sa kapakanan at karapatan ng mga bata. May produksiyon din ng mga kathang pambata ang kilusang lihim na malayo ang paksain sa mga mainstream na akda. Dagdag pa, may subersiyon sa mga komersiyal na aklat pambata, lalo na sa mga muling pagsasalaysay ng mga tradisyonal at kuwentong-bayan gaya ng Pilandok. Hindi ko masisisi ang nasabing kritiko dahil hindi rin naman *visible* ang mga aklat na sakop ng aking pag-aaral. Kulang sa marketing, distribusyon, at pagpapaabot sa mga bata ang mga aklat na aking sinuri.

[8]Mataas ang presyo ng mga aklat sa saliksik na ito kumpara sa ibang lokal na aklat pambata. PHP 175 ang presyo ng *Hoy bata! Mahalaga ka!*, PHP 160 ang manwal na *Ang Aking Aklat para sa Pansariling Kaligtasan,* at PHP 221 ang *Erika and Jay Learn the Touching Rules* noong nabili ko ito sa National Bookstore.

Sa kasalukuyan, pinakamurang aklat pambata sa Pilipinas ay PHP 10. Ito ang mga piniratang bersiyon ng mga Aklat Adarna at aklat ng Disney na lantarang itinitinda sa mga talipapa at lansangan. Mahinang uri ng

papel ang ginagamit; simplistiko at kinopya lamang ang mga ilustrasyon nito sa anyong *mimeograph*. Kalaban pa sa paglalathala ang murang halaga ng mga segunda manong aklat pambata mula sa Estados Unidos. Sa komersiyal at *mainstream* na paglalathala, PHP 65 ang presyo ng Aklat Adarna at Lampara Books; PHP 100 naman ang mga Golden Salakot Books ng LG & M ng Vibal Publishing. Sa kasalukuyan, itinigil na ang paglalatahala ng mga bersiyong *newsprint* dahil hindi nito naitatampok ang kasiningan ng mga ilustrasyon (e.g., matapat sa kulay at nakikitang mga detalye). Mas mura nang bahagya ng mga aklat pambata ng SGE Publishing dahil walang kulay ang mga ilustrasyon nito (may pretensiyon na *coloring book* ang mga ito para hindi mahalata ang pagtitipid sa produksiyon).

[9]Tinutukoy ng *peritext* ang teksto sa labas ng teksto ng naratibo. Isang katangian ng mga aklat pambata ang paggamit ng peritext sa pagkukuwento, lalo na sa postmodernong mga aklat pambata. Sa Pilipinas, ginagamit ang peritext upang magbigay ng elementong non-fiction sa mga akdang pampanitikan. Nagdaragdag ito ng kabuluhan sa mga mambabasa na nahirati sa katangian at kumbensiyon ng mga textbook. Sa depinisyon ni Elwyn Jenkins, ang peritext sa mga aklat pambata ay "isang ginagamit at inaangking espasyo sa labas ng espasyo ng mismong teksto na binubuo ng pamagat at subtitle, manunulat at tala sa manunulat, paunang salita, introduksiyon, pasasalamat, pag-aalay, komentaryo ng kritiko, pagkilala at endorso, sipi mula sa pagsusuri, mga liham ng mambabasa, dateline, talaan ng nilalaman, epigraph, talasalitaan, tala, epilogo, at mga ilustrasyon" ["space outside the space occupied by the text itself that is taken up with additional features comprising, among others, titles and subtitles, authors' names and pen portraits, prefaces, forewords, introductions, acknowledgements, dedications, cover blurbs, endorsements, quotations from reviews, letters from readers, datelines, tables of contents, epigraphs, glossaries, notes, epilogues, and illustrations."] (2001, 115).

## BIBLIOGRAPIYA

Aguirre, Alwin C. 2006. *Hoy bata! Mahalaga ka! Sina Biboy at Nina para sa patakaran sa ligtas na paghawak*. Illus. Aldy C. Aguirre. Quezon City: Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse.

Aguirre, Alwin C. (tagasalin) 2003. *Ang aking aklat para sa pansariling kaligtasan*. Illus. Jim Marpa. Quezon City: Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse.

Almario, Virgilio S. 2007. "Mga gampanin para sa kaunlaran ng panitikang pambata" talumpating binigkas sa Unang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata, 25 Hulyo, Pulungang Claro M. Recto, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Berger, Arthur Asa. 1996. *Manufacturing desire: Media, popular culture, and everyday life.* New Jersey: Transaction Publishers.

Bettelheim, Bruno. 1989. *The uses of enchantment: The meaning and importance of fairy tales.* New York: Vintage Books.

Cayaban, Ma. Agnes. 2005. *Erika and Jay learn the touching rules*. Illus. Jim Marpa. Quezon City: Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse.

Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse. 2004. "Child sexual abuse in the Philippines" http://www.cptcsa.org/home.php?go=about. Accessed 12 February 2008.

Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse. 2004. "What is child sexual abuse?" http://www.cptcsa.org/home.php?go=about. Accessed 12 February 2008.

Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse. 2004. "Child sexual abuse and the law" http://www.cptcsa.org/home.php?go=about. Accessed 12 February 2008.

Child Protection in the Philippines. 2003. "Child abuse: A silent epidemic" http://www.childprotection.org.ph/factsfigures/index.html. Accessed 12 February 2008.

Chua, Apolonio B. et.al. 1999. *Linangan: Mga babasahin sa Humanidades I*. Quezon City: Office of the Vice-Chancellor for Research and Development, Office of the Vice-Chancellor for Academic Affairs, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, University of the Philippines, Diliman.

Cruz, Isagani R. (pat.) 2000. *The best Philippine short stories of the twentieth century: An anthology of fiction in English.* Manila: Tahanan Books.

Delvigny-Jean, Thierry. 2005. "Freed from sex trade, girls get a new start"http://www.unicef.org/infobycountry/philippines 28082.html. Accessed 12 February 2008.

Dundes, Alan. 1991. "Bruno Bettelheim's uses of enchantment and abuses of scholarship" nasa *The Journal of American Folklore* Vol. 104, No. 411 (Winter), pp. 74-83 http://www.jstor.org/stable/ 541135. Accessed 9 October 2008.

Engelbrecht, Lois J. 2003. "Every child needs to learn personal safety" http://www.hinduonnet.com/fline/fl2021/stories/ 20031024002009200.htm. Accessed 12 February 2008.

Flores-Oebanda, Ma. Cecilia. 2005. "Child domestic work in the Philippines" http://www.antislavery.org/homepage/antislavery/ award/cdwphilippines2005.htm. Accessed 12 February 2008.

Henson, Maria Rosa L. 1996. *Comfort women: Slave of destiny.* Pasig City : Philippine Center for Investigative Journalism.

Jenkins, Elwyn. 2001. "Reading outside the lines: Peritext and authenticity in South African children's books" nasa *The Lion and the Unicorn* Vol. 5, No. 1, pp. 115-127.

Jimeno, Jaileen F. 2007. "RP market for children's books defies growth" http://www.gmanews.tv/story/48840/PCIJ-RP-market-for-childrens-books-defies- growth. Accessed 16 October 2007.

Kintanar, Thelma B. (pat.) 2001. *Women's bodies, women's lives: An anthology of Philippine fiction and poetry on women's health issues.* Quezon City: Center for Women's Studies, University of the Philippines.

Lucero, Rosario Cruz. 1990. *Herstory.* Manila: Babaylan Women's Pub. Collective.

Lurie, Alison. 1990. "Folktale liberation" nasa *Don't tell the grown-ups: The subversive power of children's literature.* Boston: Little, Brown and Company.

Lurie, Alison. 2003. "What fairy tales tell us" nasa *Boys and girls forever: Children's classics from Cinderella to Harry Potter.* New York: Penguin Books.

Lurie, Alison. 2003. "Enchanted forests and secret gardens" nasa *Boys and girls forever: Children's classics from Cinderella to Harry Potter.* New York: Penguin Books.

McDaniel, Cynthia. 2001. "Children's literature as prevention of child sexual abuse" nasa *Children's Literature in Education.* Vol. 32, No. 3; September.

Miles, Glenn at Paul Stephenson. "Children and sexual abuse and exploitation" http://tilz.tearfund.org/webdocs/Tilz/Topics/SexENG_full%20doc(1).pdf. Accessed 12 February 2008.

Norton, Donna E. at Saundra E. Norton. 1995. *Through the eyes of a child: An introduction to children's literature.* Fourth edition. New Jersey: Merrill.

O'Donnell, Daniel. 1996. *Children are people too: A guide to the Convention on the Rights of the Child for students and teachers.* Pasig City: Anvil Publishing, Inc. at Freidrich-Naumann-Stiftung.

Pacis, Carla M. 2005. "Where have all our monsters gone?: Using Philippine lower mythology in children's literature" nasa *Diliman Review* Vol. 52, Nos. 1-4.

Quitoriano, Eddie Ll. at Rachael O. Morala. 2004. *Ang bata sa gitna ng marahas na kapaligiran: Praymer sa karapatan ng mga bata.* Quezon City: Save the Children UK.

Renvoize, Jean. 1993. *Innocence destroyed: A study of child sexual abuse.* London at New York: Routledge.

Rodriguez, Nice. 1993. *Throw it to the river.* Toronto: Women's Press.

Sanderson, Christiane. 2004. *The seduction of children: Empowering parents and teachers to protect children form child sexual abuse.* London at New York: Jessica Kingsley Publishers.

Smith, Mark K. 2007. "Howard Gardner: Multiple intelligences and education" http://www.infed.org/thinkers/gardner.htm. Accessed 13 February 2008.

Villanueva, Rene O. 1997. *Ang batang ayaw gumising.* Illus. John D. Crisostomo. Manila: UNICEF at Philippine Children's Television Foundation, Inc.

Villanueva, Rene O. 2006. *(Im)personal: Gabay sa panulat at pagkamanunulat.* Pasig: Anvil Publishing, Inc.

w.a. 2005. *Erika and Jay learn the touching rules (Guide in using the story book).* Quezon City: Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse.

World Emergency Relief. 2007. "WER's mobile puppet theater program" http://www.wer-us.org/alisto.htm. Accessed 12 February 2008.

Zinsser, William. 1998. *Worlds of childhood: The art and craft of writing for children.* New York: Houghton Mifflin.

Zipes, Jack. 2002. "On the use and abuse of folk and fairy tales with children: Bruno Bettelheim's moralistic magic wand" nasa *Breaking the magic spell: Radical theories of folk and fairy tales (Revised and expanded edition).* Kentucky: The University Press of Kentucky.

***Eugene Y. Evasco*** *is an Assistant Professor of Creative Writing and Children's Literature at the Department of Filipino and Philippine Literature, U.P. Diliman. He is the author of more than twenty books for children including the retelling of Philippine ethnoepics. He has published textbooks for high school and college like "Palihan: Linangan sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat" (2008) and co-edited "Bagets: An Anthology of Filipino Young Adult Fiction." He received nine Palanca Awards for poetry, essay, and children's story, and was awarded the Makata ng Taon (Poet of the Year) 2000, 1997 PBBY-Salanga Grand Prize, Pilar Perez Medallion, 2008 Gintong Aklat Award citation, NCCA Writer's Prize for Essay, and the National Book Award from the Manila Critics' Circle for his young adult novel, "Anina ng mga Alon." In 2005, he was the National Fellow for Children's Fiction by the LIKHAAN: U.P. Institute of Creative Writing.*